

Tomo XXXIV Blg 6
Marso - Abril 2010
Matanglawin
Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila
PAG-ASA,
Para sa Bayan



Binabati ng Matanglawin sina Karen Dominique Brillantes, Kathrina Koa at Victoria Camille Tulad sa kanilang pagkapanalo sa 11th Raul Locsin Awards for Student Journalism.

Matanglawin Editorial Board '10-'11

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

Hermund Rosales, BS Ch-MSE '10
Punong Patnugot

Victoria Camille Tulad, AB Com '10
Katuwang na Patnugot at
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Danna Patricia Aduna, BS CS '10
Nangangasiwang Patnugot at
Pangkalahatang Kalihim

Leah Capili, AB MEc '10
Tagapamahala ng Pandayan

Rico Esteban, BS CoE '12
Tagapamahala ng Pananalastas

Julz Henriane Riddle, AB Com '10
Patnugot ng Sining

Dylan Kemuel Valerio, BS CS '11
Patnugot ng Lapatan

Gerald Gracius Pascua, BS Ch '10 ACS '11
Tresa Valenton, BS PSY '11
Mga Patnugot ng Web

Kevin Eric Santos, BS HSc '10
Ingat-Yaman

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot:
Robee Ilagan, Tricia Mallari, Alfie Peña,
Elroy Rendor

Johanne Arceo, Carl Austria,
Marc Baluyan, Camille Barredo,
Aziel Chua, Kjean Elnar, Victorino Floro IV,
Kathrina Koa, Arnold Lau, Neil Mañibo,
Kristine Olanday, Karla Placido, Miguel
Rivera, Ness Roque, Aiken Serzo,
Kristine Sonon, Martin Tee

SINING
Mga Katuwang na Patnugot:
Jeudi Garibay, Nikka Anatalio

Bernard Chang III, Martin Dimalanta,
Jake Dolosa, Lala Lim, Ramil Ramirez,
Bea Benedicto, Trixia Wong

LAPATAN
Miles Domingo, Josef Go-Oco,
Eldridge Tan, Amanda Uy

WEB
Elvis Chua, Joanne Galang, Ian Gamara,
Hansley Juliano, Patrick Manalo,
Dane Panganiban, Robin Perez

PANDAYAN
Danielle Alonzo, Marlon Ibabao,
Jay Montalbo, Moreen Naputo,
Antonette Roxas

PANANALASTAS
Katuwang na Tagapamahala:
Frances Pabilane

Kim Magtoto, Mary Ched Malig,
Minotzka Matias, Jaime Motus,
Alyanna Narciza, Daryl de Vera

TAGAPAMAGITAN
Gary Devilles,
Kagawaran ng Filipino

LUPON NG MGA TAGAPAYO
Christine Bellen,
Kagawaran ng Filipino
Chay Florentino Hofileña,
Kagawaran ng Komunikasyon
Dr. Agustin Martin Rodriguez,
Kagawaran ng Pilosopiya
Michael Ner Mariano,
Kagawaran ng Pilosopiya
Edgar Calabia Samar,
Kagawaran ng Filipino
Dr. Benjamin Tolosa,
Kagawaran ng Agham Politikal

Mula sa Patnugutan

Pagbabago

Ilang linggo na ang nakararaan buhat nang magdaos ng kauna-unahang awtomatikong bilangan sa halalan. Sa kabuuan, kung ihahambing ito sa mga nagdaang eleksiyon, mas maagang nalaman dito ang mga nagwaging kandidato. Kung kainaman sa pagbilang ang pag-uusapan, maaaring masabi na higit ngang naging epektibo ang nasabing sistema. Pagmamalaki pa ng militar at kapulisan, "mapayapa at malinis" ang nasabing halalan.

Subalit kung susuriin sa mas malawak na perspektiba, talagang bahagya pa rin ang ipinagbago sa mga sistema ng pamamahala sa halalan. Mapapatotohanan nga bang payapa at malinis itong nakaraang halalan?

Mayroon pa ring mga di-iilang naiulat na pagpatay sa mga kandidato at mga tagasuporta ng politiko. Matapos ang masaker sa Maguindanao at hanggang sa ngayon wala pang malinaw na pinatutunguhan ang kaso, masasabi nga bang hindi nadaya ang sambayanan? Matapos ang pagpalya ng mga makinang gagamitin ilang araw bago ang halalan, at pagsulputan ng mga alegasyon (haka-haka man o may katibayan) na may dayaan, matu tuldukan ba ito ng kapanatagan? Nasaan ang manipestasyon ng mabuting pangangasiwa ng Comelec? Isa itong malinaw na kapabayaan sa bahagi nila at ng kinontratang Smartmatic.

Maging sa mismong mga presinto, hindi maikakaila ang napakalaking kakulangan. Nariyan ang matagal na paghihintay bunsod ng pagkawala ng pangalan sa listahan ng mga rehistradong botante at ng hindi paggana ng mga makina, na isa sa mga pangunahing salik ng hindi pagboto ng humigit-kumulang limang milyong Filipino. Bukod pa rito, gaya ng espekulasyon ng marami, naging talamak at hayagan pa ang pamimili at pagbebenta ng mga boto. Ito ba ang malinis na kaganapan?

Sa katatapos na halalan, naiwan ang resultang di-kasing inam ng mabilis na bilangan. Marami pa ring tiwaling politiko ang nakabalik sa kapangyarihan, manipestasyon ng kasakiman sa awtoridad at takot na managutan oras na bumalik sa pagka-karaniwan (halimbawa na ang Pangulong matapos ang termino, kumandidato pa at nanalo sa Kongreso). Kung hahayaang manatili sila sa kapangyarihan, naaagnas ang pag-asa para sa pagbabago—sapagkat nabago man ang ilang pangalan sa pamunuan, nananatili ang puwersa sa dating mga nasa kapangyarihan. Huwag na tayong magpadaya pa sa kanilang iilan lamang.

Isang mapagpalayang pagbabasa sa inyong lahat. 



TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kanyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan - katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan - kabilang na ang kritisismo - ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampulitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

TUNGKOL SA PABALAT



Makabagong teknolohiya na ang ginamit sa nakaraang eleksiyon. Una ito sa kasaysayan ng Filipinas. Tinatawag na Precint Count Optical Scanner (PCOS) ang makinang ginamit upang bilangin ang mga boto. Pinalitan nito ang mano-manong bilangan at binura ang maraming klase ng dayaan. Ito umano ang maglilinis at magpapabilis sa proseso ng halalan.

Gayumpaman, kaakibat ng pagiging bago, umalingasaw din ang ilang baho at/o pagkukulang nito. Nariyan ang kontrobersiyal na HOKUS-PCOS, mga palsipikadong makina at flashcard, at ang mga dayaang nanatili na hindi kayang mabasa ng makina. At kahit na naging mabilis ang bilangan, tumagal pa bago tuluyang natapos ang halalan.

Kaya naman, nananatili ang mga katanungan at agam-agam: Naging malinis at mabilis nga ba ang halalan?

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 lokal 5449, magpadala ng text message sa (63927) 348-2233, o sumulat sa pamunuan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201–202), Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108.

Maaari ring bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng e-mail sa pamunuan@matanglawin.org.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Pilipinas (CEGP).

N I L A L A M A N

SIGAW NG BAYAN

13 Pagbabagong Klima?
Paniniwala ng mga eksperto ukol sa sinasabing Climate Change

16 Epidemya
Ang AIDS at ang lumalalang kaso nito sa bansa

19 Agaw-buhay
Ang mga pampublikong hospital sa Filipinas

PITIK PUTAK

24 Paraisong Nanganganib
Sitwasyon ng mga katutubo sa Bundok Malarayat

28 Tunay na Pag-unawa
Katotohanan sa likod ng pagdayo ng mga katutubo sa kalunsuran

PULSONG ATENISTA

31 Laban para sa Kalikasan
Kumusta na ang mga proyektong pangkapaligiran sa Ateneo?

MATA SA MATA

34 Paring Bert
Kilalanin si Padre Albert Alejo, SJ



kuha ni Jake Dolosa

TAMPOK NA ISTORYA

7 Hanga, Hangal Halalan
Pagsusuri sa kauna-unahang awtomatikong eleksiyon





IBA PANG BAHAGI

4 Opinyon
Balisang Balisong
Bugnuting Bata
Nitrogliserina

22 Talim ng Balintataw

27 Tinalupang Tupa

37 Kataga at Karit

38 Dugong Bughaw
Ang Halalan ng 2010 at ang Hamon ng Kilusang Kaliwa sa Pilipinas: Ilang mga Tala

40 Bagwis
Binukot ka (rin) ngunit kulang
Kalawakan
Arkero
Sa ilalim ng hininga
Corpus Christi
Asawa ni Lot
Asawa ni Noe

45 ‘tenista Nga

OPINYON

BALISANG BALISONG



HERMUND ROSALES
hrosales@matanglawin.org

Mahirap makamit ang pagbabago kung sa kinalabasan ng halalan, marami ang naihalal na sangkot sa sandamukal na isyu ng katiwalian.

Potensiyal

Pagbabago – usong salita 'pag eleksiyon; tuwinang pangako ng mga politiko lalo na iyong mga lumalaban sa bagong posisyon.

"Ituloy ang pagbabago" para naman sa mga tumatakbo sa dating posisyon, kahit na marami sa kanila, matagal na sa puwesto. Kaya naman ang lahat tila nauuwi lang sa panggagago.

Sa naging resulta at naging kalakaran sa nakaraang halalan, tiyak na mahihirapan ang liderato ni Noynoy Aquino, na bukambibig din ang pagbabago, na isakatuparan ito.

Kung ano kasing bilis ng bilangan sa eleksiyon, siya namang bagal ng naging pagrebisa sa mga balota upang maiproklama na ang dalawang pinakamataas na posisyon sa bansa. Isang dahilan nito ang pagrereklamo ng mga nadaya umanong talunan. Nariyan din ang mga taktika ng pagpapabagal ng mga tagilid manalong kandidato. May mga nagsasabing tiyak na nadaya sila sapagkat mismong sa kanilang lugar, hindi sila nanalo. Mahirap bang tanggapin at ilagay sa kokote nila na maaring sa kanilang lugar mas nakita ang kanilang kabulukan, sa gayon, hindi sila sinuportahan?

Itong mga nagpabagal sa proseso, iisipin nilang kanila dapat ang posisyong 'di nakuha. Kaya naman sa susunod na tatlong taon o higit pa, may tendensiya silang hindi makiisa sa namumuno. Samantala, sa bahagi ng mga nanalong garapal na politiko, kadalasan nilang naiisip na maikli ang tatlong taon upang hindi maging maingat sa napasakamay na posisyon. Gagamitin nito ang katungkulan upang mangampanya na para sa susunod na halalan o mapahigpit ang kapit sa kapangyarihan.

Isa pa, paano kaya makakamit ang pagbabago kung sa nakaraang eleksiyon, marami sa mga nahalal ay mga nasa dati nang posisyon?

Nanatili ang dinastiya sa maraming lugar sa bansa, o iyong mga matagal nang nasa kapangyarihan na nabibilang sa iisang pamilya. Samakatwid, parehong sistema pa rin malamang ang kanilang ipaiiral. Masama roon, mabibilang mo sa daliri ang mga pamilyang may nagagawa talagang mabuti sa pamamahala.

Samantalang ang mga nagpasimula naman ng pagbabago sa sistema ng pamamahala sa gobyerno, gaya nina Padaca sa Isabela at Panlilio sa Pampanga, natalo. Naibalik sa trono ang mga dati nang nasa kapangyarihan at minsan nang nasangkot sa isyu ng katiwalian.

Marami rin ang nanalong artista. Hindi malabong madagdagan pa ang bilang nila sa pinaplano ni Aquino. May kainaman sa ganito sapagkat nahahalilihan nito ang tradisyonal na politika. Gayumpaman, paano kung maituturing na rin silang mga trapo? Marami pa naman sa kanila, hindi talaga nalalaman at nagagampanan nang maayos ang pinanalunang posisyon. Sasabihin, "pagbabago", "gustong makatulong sa mahihirap"; walang problema sa ganoong layunin. Subalit lahat na lamang ba sa pamamagitan ng pagkapolitiko?

Mahirap makamit ang pagbabago. Mas mahirap pa kung hanggang sa salita lamang ito itinataguyod. Upang makamit ito, kailangan ang pagbabago muna sa pananaw ng mga tao, sapagkat bukod sa kahirapan at katiwalian, pinakasuliranin dito ang pagtanggap na ng marami na likas na ang katiwalian sa bansa at na wala nang pag-asang makaahon pa. Isabay dito ang estruktural na pagbabago upang maging sapat ang pagpapalit ng mga pinuno. Manatili tayong mulat at handa sa pagkilos, sapagkat nasasaatin ang potensiyal na makapagpabago.

* * *

Nagwawakas na po rito ang aking pagsusulat sa pitak na ito. Sa inilagi ko po rito, lubos ko pong ipinagpapasalamat ang inyong pagtulong, pagbabasa at pakikipagkaibigan.

Kina Sir Jerry, Ma'am Jema, Sir Allan, sa inyong pagtitiwala. Kina Ma'am Lolit, Sir Ian Ken, Kuya Jim, Kuya Jun, Kuya Arvin, sa lahat ng tulong at pagtitiyaga sa'kin. Kina Sir Art dela Cerna, Ate Evelyn Mijares, Ate Alma Fermano, Ate Emily Escalera, Sir Ronnie Lapastora, Kuya Lito Teves, Ate Rosie Gadaingan, Sir Edgar Valdinar, sa inyong palakaibigang pagngiti at pagbati. Sa aking tinitingalang mga Mentor, Dr. Valera at Dr. Gross, sa inyong pagtitiwala. Sa OAA at sa ASPAC, sa inyo pong gabay at suporta. Sa aking pamilya, ang ugat ng aking panulat. Sa aking mga guro at kaibigan, sa kaalaman at pagsasamahan. Kay bugnuting bata, sa pagsasama naming humuhulagpos sa pahina, aking musa.

Sa inyo pong lahat, maraming salamat po!

BUGNUTING BATA



VICTORIA CAMILLE TULAD
vtulad@matanglawin.org

"...Matapos ang lahat, pihadong siya pa rin ang nakatayo nang matuwid at humahalakhak."

Ang Sole Survivor

Survivor — isa sa mga pinakamagandang reality show sa dinami-dami ng reality show ngayon. Bakit? Dahil kung tunay na buhay lang din ang hanap mo, dito makikita iyon: mga taong ginagawa ang lahat para manalo sa laro. Sa konteksto ng Filipinas, kung papipiliin ako ng isang karakter na bagay na ilagay sa palabas na ito, pihadong ang Pangulong Gloria Arroyo iyon dahil sa *Survivor,* dapat magaling na tactician ka; magaling magmanipula; at walang duda na ganito si Gloria.

Si Romulo Neri, dating Pinuno ng National Economic Development Authority (NEDA) na siyang inakusahan na alam ang mga iregularidad sa NBN-ZTE deal, ang pinakamagandang halimbawa ng isang "scapegoat." Dahil kontrolado ni Arroyo ang Ombudsman, pinawalang-sala siya at ang kaniyang asawang si Mike ngunit upang maipakita na gumagana ang hustisya, si Neri ang ginawang sacrificial lamb.

Ang paglalagay ng balakid ni GMA sa susunod na administrasyon ay isa ring matalinong estratehiya. Nariyan siyempre ang bagong Punong Mahistrado ng Korte Suprema na si Renato Corona. Bago magtapos ng pamumuno si dating Pangulong Fidel Ramos, pinangakuan niya si Corona na gagawin siyang Punong Mahistrado. Ngunit, dahil sa constitutional ban na bawal magtalaga ang Pangulo ng sinoman dalawang buwan bago matapos ang kaniyang termino, nabali ang pangako ni FVR. Sa kaso ni GMA, ganoon na siya kadesperado na nilabag niya ang Konstitusyon upang maitalaga ang kasundo niyang Punong Mahistrado dahil hindi nga naman siya hahabulin nito.

Bukod kay Corona, itinalagang muli ni GMA si Ephraim Genuino, isa sa mga diumano'y pinakakurakot sa administrasyon, sa dating puwesto nito na Tagapangulo ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (Pagcor). Maging si Armed Forces Chief of Staff (AFP) General Delfin Bangit ay hinirang bago ang election ban.

Siyempre, sino ang makalilimot sa pagtakbo ng masunuring anak ni GMA na si Mikey Arroyo bilang Kinatawan ng party-list na *Ang Galing Pinoy* upang bigyang tinig ang mga security guard, magsasaka, maliliit na negosyante, tricycle driver at iba pa. Nakatatawang isipin na tila nagbago na ang konsepto ng party-list dahil ngayon, ang elitistang gaya ni Mikey ang kakatawan sa mahihirap gayong hindi naman niya nauunawaan ang kalagayan nila, lalo na't mismong ang kaniyang Ina ang nagdudulot ng kanilang kahirapan.

Panghuli at ang pinakapaborito ko sa lahat, ang pagtakbo at pagkapanalo ni GMA bilang Kongresista ng Ikalawang Distrito ng Pampanga. Grabe. Talagang hanga ako kay GMA at sa kaniyang mga tagapayo dahil naisip nila ito. Hindi maaaring hindi ka mapabilib sa katalasan ng isip at sa pagiging tuso.

Sa siyam na taon niya sa puwesto, tiyak na napakarami pang "under the table transactions" ni GMA upang mailigtas ang sarili. Biruin mo ba naman, lahat ng enerhiya upang sana'y iahon ang bansa ay tila na-i-pokus sa pag-iisip ng iba't ibang taktika kung papaano makikinabang sa yaman ng bayan at maililigtas ang sarili mula sa batas. At, dahil nga sa lahat ng katusuhan at pagmamanipula, ikinagagalak kong parangalan si GMA ng titulong, "The Ultimate Sole Survivor" dahil matapos ang lahat, pihadong siya pa rin ang nakatayo nang matuwid at humahalakhak.

* * *

Bilang ito na ang huling pagkakataon na makadadaldal ako sa pitak na ito, nais ko sanang magpasalamat. Sa lahat ng aking mga guro na naghubog, maging yaong mga nagbigay ng nakaiiyak na marka; sa OAA, BXC Foundation at Raul Locsin Scholarship sa pagsuporta sa akin; kina Kuya at Ate sa kanilang walang sawang pagtulong sa mga estudyanteng gaya ko; sa aking mga naging kaibigan sa Ateneo; sa Matanglawin—dahil dito nakahanap ako ng isa pang pamilya; at sa Ginoo sa kabilang pahina na kasama ko sa lahat ng saya at sakit (kahit na minsan siya ang mismong pasakit); maraming, maraming salamat sa inyo!

Higit sa lahat salamat sa iyo na nagbabasa nito. Sa pagsusulat ng kolum maaari kang mangaral nang mangaral ngunit wala namang makikinig sa iyo. Nawa'y sa sandaling panahon na inilagi ko, kahit papaano ay may napukaw ako sa inyo.

NITROGLISERINA



GERALD GRACIUS PASCUA

gpascua@matanglawin.org

Hindi dapat makalimutan na naririyan pa rin ang problema at pangamba kung kaya't dapat manatili tayong mapagmatyag.

Haha-halalan

Mapagkakamalang piyesta sa alinmang barangay tuwing sasapit ang panahon ng kampanya at halalan. Hindi matatawaran ang dami ng mga paskil at banderitas sa dingding, bakod at sasakyan, maging sa mga puno at kawad ng kuryente (bagaman hindi ito pinahihintulutan sa batas). Sa mga nagdaang buwan, lutong-luto tayo sa kanilang buong araw na pangangampanya. (Iyan yata ang kandidato ko, masipag!) Hindi na alarm clock kundi mga campaign jingle ng kandidato ang gigising sa atin sa umaga. Matapos makapananghali, oras na ng siyesta, ngunit mabubulabog tayo sa banda musikong nakabuntot sa kandidato habang abala ito sa pagbabahay-bahay. At bago ka maratay sa higaan sa gabi, tuloy-tuloy ang miting de avance ng kandidato sa katabing plaza, bitbit ang kaniyang mga kaibigang artista at mang-aawit. Asahang hindi magpapatalo ang kalabang politiko na gagawin din ito kinabukasan. (Iyan ang kanditato ko, hindi magpapatalo!)

Tinatayang ang sektor ng kabataan ang bubuo sa malaking bahagdan ng mga botante, kung kaya't sinuot din ng mga kandidato, lalo na niyong mga tumatakbo sa pambansang puwesto, ang mundo ng telebisyon at internet. (Iyan yata ang kanditato ko, masugid!) Sinomang may telebisyon at internet connection ay tiyak na may maibabahagi diyan. Iba't ibang kulay, sari-saring tunog, kani-kaniyang pagganyak ang mga kandidato upang mahuli ang pansin at kiliti ng kawawa at nahihilo nang botante. Dahilan upang mainis ang marami sa mga kandidato bago pa man dumating ang mismong araw ng halalan.

Ngunit pasaan ba't nagawa pa ring hanapan ng katatawanan nating mga Filipino ang nakabuburyong mundo ng pangangampanya. Mabilis na kumalat sa internet ang bersyon sa Hapon ng "...tunay na mahirap jingle" (mahahanap pa rin ito hanggang ngayon). Nagsulputan din sa youtube at tumblr ang remixes at parodies ng iba pang patalastas, larawan at karatula ng mga kandidato. Nakita na ba ninyo itong poster ng isang lokal na kandidato kung saan ang nagtaas ng kaniyang kamay ay walang iba kundi si Optimus Prime? (Totoo ang nasabing paskil).


Maaaring ituring na katuwaan lamang ang motibo sa likod ng mga ganitong tugon, ngunit naniniwala akong may sinasabi rin ito sa pakikisangkot ng mga Filipino, ng kabataan lalo na, ukol sa halalan. Hindi maikakailang isa pa rin itong seryosong pamumuna o panunuligsa sa sistema ng pangangampanya ng mga kumakandidato. Nakikita ko ito bilang isang tanda na isinasailalim natin sa panunuri ang pamamaraan ng ating mga politiko. Ang pagkakabuo ng alinmang parodiya o birong naipupukol sa mga kandidato ay, sa katunayan, isang patama sa depektibong pamamaraan ng pangangampanya o sa kamalian na rin ng mismong politiko. Nangangahulugan itong hindi na basta-basta tinatanggap at nilulunok ng mga botante ang anumang ihain sa kanila ng mga kumakandidato.

Muling nasubok ang sambayanan noong ikasampu ng Mayo, kung saan naganap ang unang automated election sa buong bansa. Taliwas sa inaasahan ng Comelec, hindi naging banayad ang takbo ng halalan sa maraming pook sa bansa. Naroroon pa rin ang nakasanayang daing tulad ng mahahabang pila at kulang-kulang na listahan sa mga presinto. Nakadagdag din ang aberya sa pagpapatakbo at paggamit ng PCOS machine. Sa kabila nito, nakita ko kung paanong matamang pumila at naghintay ang mga tao sa aming barangay. Nagtawanan pa nga ang ilan sa aming presinto nang may magbirong buntis upang makauna sa pila. Tampulan din ng kantiyaw ang walang kamuwang-muwang na PCOS machine (na baka raw hindi sanay sa init). Sa mga ganitong maliliit na paraan napapawi ang tensiyon at napagagaan ang pakiramdam ng bawat isa ngunit hindi nito naisasantabi ang bigat ng responsibilidad na kalakip ng pagiging isang botante. Hindi dapat makalimutan na naririyan pa rin ang problema at pangamba kung kaya't dapat manatili tayong mapagmatyag.

Pahabol: Kinahapunan, habang nakatutok na ang marami sa mga ulat ukol sa halalan (tampok ang mala-Star Trek na war rooms ng mga nangungunang estasyon), humabol sa kasikatan si @PCOSmachine at ang kaniyang mga kuwelang tweets sa twitter. Hindi talaga nauubusan ng kuwelang ideya ang mga Filipino.



nina Tricia Mallari at Robee Ilagan
sining ni Jeudi Garibay
kuha ni Jake Dolosa
lapat nina Eldridge Tan at Dylan Valerio



Hanga, Hangal, Halalan

Pagbabalik-tanaw sa eleksiyon 2010 at pagsusuri sa pagsasakatuparan ng awtomatikong bilangan

MINARKAHAN sa kalendaryo noong ika-10 ng Mayo ang kauna-unahang awtomatikong eleksiyon. Hudyat ito ng pagpapalit sa administrasyong Arroyo na siyam na taong tumagal sa puwesto. Ito ang kontrobersiyal na halalang nilahukan ng humigi't kumulang 30 milyong Filipino para sa pagtatalaga ng lokal at pambansang opisyal sa lehislatibo at ehekutibong katungkulan.

Maagang Pangangampanya

Ayon sa Omnibus Election Code ng Komisyon ng Eleksiyon (Comelec), nagsisimula ang opisyal na panahon ng pangangampanya 90 araw bago ang takdang araw ng halalan para sa mga pambansang posisyon (Pangulo, Pangalawang Pangulo at mga Senador) at 60 araw naman para sa mga lokal na posisyon (Gobernador, Bise-Gobernador, Kongresista, Alkalde, Bise-Alkalde, Konsehal). Ngunit, gaya ng kadalasang nangyayari, nagkaroon ng iba't ibang taktika ang maraming politiko nitong nakaraang eleksiyon upang malusutan ang naturang patakaran. Nariyan ang namumutakting mga paskil ng pagbati sa bawat okasyon ng mga personalidad bilang kanilang pagpaparamdam sa nalalapit nilang pagkandidato.

Para naman sa mga kandidatong hangad ang boto ng buong bansa, maaga pa lang, suki na ang marami sa kanila ng mga estasyon ng radyo at telebisyon sa kanilang pag-aanunsiyo.

Kung ang iba sa kanila'y itinatanggi na sila'y namomolitika sa kanilang mga patalastas, lantad naman para sa di-iilan na kaakibat ng kanilang pagpaparamdam sa publiko ang kanilang interes sa pagtakbo sa kaukulang posisyon. Kaya naman sa mga maagang nagdeklara ng pagkandidato, nakita sa kanila ang kompetisyon at malabis na maagang pangangampanya. Ang marami pa sa mga nasa posisyon, ginamit ang kanilang opisina para sa kandidatura.

Nasaksihan ng marami ang maya't mayang paglabas nina Senador Manny Villar, Senador Chiz Escudero, Senador Loren Legarda, at Senador Mar Roxas na usap-usapan na ang pagtakbo sa pagka-Pangulo at

suportado pa ng kanilang mga partido. Wala pa ang sinabing pormal na yugto ng pangangampanya, milyon-milyon na ang kanilang mga nagagasta. Isama pa sa kontrobersiya ang dating Tagapangulo ng Metro Manila Development Authority (MMDA) na si Bayani Fernando na halatang nagamit ang tanggapan sa maagang pangangampanya.

Sa ganitong mukha ng politika at kaganapan sa halalan, nasaan kaya ang ngipin ng batas ukol sa wala sa panahong pangangampanya?

Sinasabing hindi pa naman kampanya ang ginagawa ng mga gaya ng nabanggit na politiko. Wala pa nga naman ang mga salitang humihikayat sa mga tao na iboto sila, o ang tuwirang pagbanggit ng kanilang sinisipat na puwesto. Ngunit sa paulit-ulit at kawilihan ng politikong gumastos para sa paglabas sa media o sa personal na paglibot-libot, isama pa ang kulit sa paulit-ulit na pangangalandakan sa kanilang mga ginawa, nagiging malinaw na sa taumbayan ang kanilang tunay na layunin.

Sa maagang pangangampanya nitong nakaraang halalan, maagang nasulyapan ng publiko ang mga magsasalpukang politiko, habang may pagsasantabi sa mga politikong hindi makasabay o piniling umiwas sa maagang pangangampanya. Naroon man ang kainaman para sa mga politikong pasimuno sa wala pa sa tamang panahong pangangampanya na una silang makilala kaysa iba, naging tanda rin ito para sa mga mapanuring botante kung sino ang palagasta, ang hindi sumusunod sa batas, at kung sino ang maaring maging tiwali, na babawiin lamang ng mga politikong ito ang nagastos kapag sila'y nanalo na.

Karambola sa Labanan

Sa pagkamatay ni dating Pangulong Corazon Aquino noong Agosto 1, 2009, isang pagbuhos ng suporta ang naganap para sa naulila niyang pamilya, higit lalo para sa kaniyang anak na si Senador Benigno "Noynoy" Aquino III. Suporta hindi lamang bilang pakikiramay, kundi pag-udyok sa Senador na sumunod sa yapak ng kaniyang mga magulang na pamunuan ang bansa.

Sa kinalaunan, inihayag ni Noynoy ang kahandaan sa pagsabak sa pampanguluhang laban at nanguna sa mga sarbey mula noon.

Sa biglaang pagtakbo ni Aquino, marami ang nagbago sa takbo ng pangangampanya at masasabing nagpatingkad ito sa kung anong klaseng partido politikal mayroon tayo sa Filipinas. Marami ang umatras nang tuluyan, di-iilan ang ipinagpaliban muna ang pagtakbo sa naunang posisyong ginusto at piniling kumandidato sa ibang posisyon. Higit sa lahat, naging talamak ang kabi-kabilang lipatan ng partido. Kahit pa ang pinagsamang partido ng Lakas-Kampi-Christian Muslim Democrats (CMD), nagkaroon pa ng panloob na suliranin dahil na rin sa paglakas ng Partido Liberal na kinabibilangan ni Aquino. Kahit pa ang Lakas-Kampi-CMD ang pinakamalaking partido sa bansa, at napag-isa lamang ito kamakailan, marami ang tinalikuran ito at lumipat sa ibang partido.

Masasabing isang salik ng nasabing mga pagtiwalag at pagbalimbing ang mabilisan at kawalan ng maayos na konsultasyon para sa mga miyembro nito bago ang pagsasanib. Gayumpaman, hindi maiaalis ang katotohanang nais na rin lamang magalsa-balutan ng maraming miyembro nito sapagkat gusto nilang mapalaki ang tsansang manalo. Sa paglawak ng suporta kay Noynoy, nais din ng ibang mapabilang sa nagwawaging partido at iligtas ang sarili sa papalubog na grupong gaya ng Lakas-Kampi-CMD. Kinabibilangan ito ni Pangulong Gloria Arroyo na sangkot sa maraming isyu ng katiwalian, bukod pa sa pagiging di-popular na Pangulo nito.

Nariyan din ang mga partidong pinagtambal ang mga kandidatong di-inasahan ng marami. Maituturing iyon na determinadong galaw ng ilang partido upang matapatan ang lumalakas na tambalang Aquino at Roxas.

Kung dati'y kritiko ni Villar, nagulat ang marami ng





Ika-23 ng Nobyembre, ilang araw bago matapos ang takdang panahon ng paghahain ng COC, nangyari ang maituturing na pinakamalalang insidente ng karahasang may kinalaman sa halalan—naganap ang pagmasaker sa 57 katao sa Maguindanao.

makipagsanib-puwersa si Legarda na kabilang sa Nationalist People's Coalition (NPC) bilang Pangalawang Pangulo ni Villar, Pangulo at standard bearer ng Nacionalista Party (NP).

Sa hindi naman pagkakapili kay Fernando bilang standard bearer ng kaniyang partido, ang Lakas, tumakbo siya bilang Bise-Presidente ng Partido Bagumbayan kung saan si Senador Richard Gordon ang siyang lumaban sa pagka-Pangulo.

Samantala, kinuha ng partidong Lakas-Kampi-CMD ang artistang si Edu Manzano bilang kandidato sa posisyong Bise-Presidente upang makatambal ni Gilbert Teodoro, dating Kalihim ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa (DND) na napiling standard bearer ng huli sa pagka-Pangulo. Bago ang opisyal na pagkakapili kay Manzano, naikonsidera rin ng partido sina Senador Bong Revilla, Senador Miguel Zubiri, Vicente Sotto III at Gobernador Vilma Santos-Recto, subalit tumanggi ang mga ito at piniling tumakbo sa ibang posisyon.

Sinasabing isang hakbang ang pagkakapili kay Manzano, at ang pagsisikap ng nasabing partido na himukin ang mga naturang personalidad bago si Manzano upang matapatan ang kampo nina Aquino sa pagsasama ng mga artista sa kampanya. Naniwala ang partido ni Teodoro na madadala ng kasikatan ni Manzano ang kanilang tambalan papataas, na ng panahong iyon, nasa kahulihan ang nakukuhang puntos sa mga lumalabas na sarbey.

Karahasan

Pagpasok ng Oktubre at Nobyembre, isa-isa nang naghain ng Certificate of Candidacy (COC) ang mga kandidato. Ito ang pormal na dokumentong isinusumite sa Comelec na naghahayag ng opisyal na pakikilahok sa halalan.

Ika-23 ng Nobyembre, ilang araw bago matapos ang takdang panahon ng paghahain ng COC, nangyari ang maituturing na pinakamalalang halimbawa ng karahasang may kinalaman sa halalan. Naganap ang pagmasaker sa 57 katao sa araw ng paghahain ng COC ni Ismael Mangudadatu sa posisyong Gobernador ng Maguindanao, hudyat ng kaniyang paglaban kay Andal Ampatuan Jr., siyang nanunungkulang Gobernador ng nasabing probinsya at kabilang sa pamilyang mahigpit at matagal nang kalaban ng mga Mangudadatu sa politika.

Bilang isang makapangyarihang pamilya ng mga politiko sa Maguindanao, malapit ang mga Ampatuan sa Administrasyong Arroyo. Diumano, sila rin ang nanigurado sa pagkapanalo ng Administrasyon sa Maguindanao, na pinagtitibay naman ng 12-0 na pagkapanalo ng Team Unity, ang Senatorial ticket ng administrasyon noong Halalan 2007.

Sinasabi ng mga militar at kapulisan na mas kakaunti ang bilang ng mga karahasang may kaugnayan sa halalan ngayong taon kumpara sa nakaraang dalawang eleksiyon. Gayumpaman, bumaba man ang bilang ng karahasan kung ihahambing sa naganap na halalan noong 2007, hindi pa rin maiaalis ang takot sa mga mamamayan sapagkat hindi pa rin tuluyang nasugpo ang mga krimen. Naitala pa rin ang 84 na kaso ng karahasan kaugnay ng eleksiyon kung saan 29 ang namatay. Ilan sa mga lugar na nabalitang mayroong kaso ng karahasan ang Cavite, Lanao del Sur, Isabela at ang isa sa mga tinatayang mapanganib na lugar ngayong eleksiyon, ang Maguindanao.

Gayundin, sa estadistika pang nabanggit, hindi naisasama ang bilang ng mga pinaslang sa naturang masaker sa Maguindanao gayong malinaw na nangyari ito bunsod ng pag-aagawan sa kapangyarihan sa panahon ng halalan.

Ayon nga sa panayam kay Jeremy Nishimori, guro sa Kagawaran ng Pilosopiya sa Pamantasang Ateneo de Manila, sapagkat naging awtomatiko na ang eleksiyon, ang pinakamura at/o pinakamadaling paraan upang manalo sa eleksiyon ay ang pagpatay sa karibal sa posisyon.

Ang Kampanya

Ika-9 ng Pebrero, 2010 nagsimula ang opisyal na kampanya para sa mga kandidato sa pambansang posisyon. .

Naging usap-usapan ang labis-labis na paggasta ni Villar. Napuna rin si Aquino sa maraming patalastas sa telebisyon na pinili nang makipagsabayan sa katunggali. Sa panayam ng Inquirer.net kay Robert Cadiz, Direktor ng Pera't Politika na isang NGO na nagsusuri sa mga nagasta sa kampanya, ang nakaraang eleksiyon ang pinakamagasta sa lahat.

Ayon nga sa estimasyon ng nasabing organisasyon, bago pa man ang aktuwal na panahon ng pangangampanya, gumastos na si Villar ng kabuuang P1.2 bilyon para sa mga patalastas sa telebisyon.



Kung susuriin, paglabag na ang nasabing mga labis na paggasta ng maraming politiko sa kanilang kampanya sa Resolusyon Blg. 8944 ng Comelec. Sinasabi sa panukalang ito na P100 para sa bawat botante lamang ang dapat na magasta ng mga kandidato para sa Pangulo at Pangalawang Pangulo, samantalang P3 naman bawat botante para sa ibang posisyon.

Sa ganang ito, nagiging maluwag ang batas o maraming butas ang batas upang malusutan ng mga politiko. Sinasabi sa panukala ng Comelec na maaaring madiskwalipika ang mga kandidatong lalabag sa nasabing probisyon subalit hindi naman talaga iyon naisasakatuparan. Ang tanging paraan lamang nila upang mabatid ang naging gastusin ng mga politiko sa nakaraang halalan ay ang pagpapasa nila ng halaga ng mga gastusin ng mga kumandidato, nanalo man o natalo. Gayumpaman, nasa abot tanaw na ito ng manipulasyon ng mga kumandidato upang mapalabas na hindi sila lumabis sa itinakda ng Comelec. Ipinapalabas na lamang nila na mula sa donasyon ang malaking bahagi ng nagastos sa kanilang kampanya. Sa gayon nga namang paraan, hindi iyon mapapasama sa kanilang personal na kapital.

Aminado ang Komisyon na mahirap matiyak ang pagiging makatotohanan ng mga ulat ng paggasta na ipinapasa sa kanila. Kaya naman masasabing isang salik ito na nagtutulak sa maraming politiko na lusutan na lamang at piliing labagin ang nasabing probisyon.

Mapa sa Halalan

Gaya din ng mga nakaraang halalan, malaki ang bahaging ginampanan ng mga tagapagbigay ng sarbey gaya ng Social Weather Stations (SWS) at Pulse Asia. Malaki ang impluwensiyang naidulot nito sa proseso ng kampanya at sa kabuuang resulta ng halalan dahil nagsisilbi umano itong repleksiyon ng saloobin ng mga botante—isang pananaw na tinutulan ng maraming politiko, lalo na ang mga nakakakuha ng mababang porsiyento sa sarbey.

Ayon sa mga kandidatong hindi naniniwala o piniling hindi pagkatiwalaan ang resulta ng mga sarbey, maliit na bahagi lamang ng bumobotong populasyon ang napupulsuhan sa mga ito, kaya naman hindi kapani-paniwala ang kredibilidad nito. Sinasabi rin nilang binabayaran lamang ang mga nagsasagawa ng sarbey at pinapaboran ang mga nagbabayad sa kanila na manguna sa kanilang mga lumalabas na tala.

Gayumpaman, naipagduldulan man ng marami na hindi totoo ang resulta ng mga sarbey, masasabing may pagkakaayon ito sa aktuwal na kinahinatnan ng halalan. Nagwagi ang mga nanguna sa sarbey partikular na sina Aquino at Jejomar Binay sa pagka-Pangulo at Pangalawang Pangulo. Nanguna rin sa pagka-Senador si Revilla, gaya ng sa mga sarbey.

Maliban naman sa mga sarbey, isa pa sa mga salik na nakaimpluwensiya sa publiko sa pagpili ng iboboto ang matamang pagsusuri sa mga plataporma ng mga kandidato sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga debate ng mga tumatakbo at pagtutok sa mga ulat ng media. Bagaman naroon pa rin ang tinatawag na personality politics o pagpapapogi lamang ng ibang kandidato, maraming mga Filipino na ang mas naging aktibo sa buong proseso, na siya namang mapatutunayan ng mga porum at iba pang pagkilos ng citizen journalism upang mabantayan ang halalan. Ayon nga kay Jesse Pasibe ng Simbahang Lingkod ng Bayan, "malaki ang bahaging ginagampanan ng media sa paghubog ng paningin ng masa sa eleksiyon at lalo't higit sa kampanya."


Paghahanda sa Automation

Mula sa mano-manong bilangan ng halalan kung saan mga guro ang inaasahang magbilang, tumungo ang bansa sa awtomatikong sistema. Iniasa na ang pagbilang sa mga makinang tinatawag na Precinct Count Optical Scan (PCOS) machines at nabawasan ang bilang ng mga gurong tatao sa mga presinto ngayong eleksiyon.

Binuksan sa publiko ang mga trabaho ng Comelec mula sa pag-imprenta ng mga balota hanggang sa pagsasaayos ng mga memory card na magiging puso ng bawat makina. Kaya naman hindi naitago sa publiko ang bulilyasong nangyari sa mga PCOS machine. Ilang araw bago ang eleksiyon, napag-alamang hindi tama ang configuration ng mga balota sa programang babasa nito.

Ayon kay Cesar Flores, presidente ng Southeast Asia Smartmatic sa isang press conference na ginanap noong ika-4 ng Mayo, hindi nagkaroon ng magkaayon na program ang balota sa PCOS. Dagdag pa niya, "Madaling masolusyunan ang problema ng configuration, lamang mahirap ang proseso ng muling pagbibigay ng mga memory card sa mga presinto."

Sa ganitong kaganapan, nagkaroon ng panawagan para sa pagkakaroon ng parallel manual count o pagbalik sa mano-manong eleksiyon. Subalit ibinasura ng Comelec ang mga panukala. Sa halip, upang matugunan ang pangamba ng marami na maglugwal ng hindi tamang resulta ang mga makina, ipinutupad ng Komisyon ang Random Manual Audit (RMA) sa limang presinto bawat lehislatibong distrito. Sa sistemang ito magsasagawa ng mano-manong bilangan sa mga piling presinto upang maihambing ang resulta nito sa awtomatikong proseso. Kabilang sa rerebisahing bilang ng mga boto ang sa posisyon sa pambansang nibel at lima naman sa lokal na posisyon.



At sa kabila ng pagpalya ng ilang naunang naihatid at sinubukang flashcards at mga PCOS, maging ang pagkahuli sa paghahatid ng mga ito sa malalayong lugar, nanindigan ang Comelec na ituloy ang eleksiyon kahit pa marami ang nagsulong na ipagpaliban ito.

Nauna nang nagpahayag ang Smartmatic ng kanilang paniwala para sa 100% automation sapagkat nakapaglaan umano sila ng solusyon sakaling magkaroon ng problema sa mga makina.

Isang pag-amin naman sa kawalan ng kahandaan ang ipinahatid ng Teachers in the Philippine Public Sector (TPPS) sakaling biglaang humantong muli sa mano-manong bilangan ang halalan. Sa kabuuan meron lamang 229,020 guro na magsisilbing Board of Election Inspectors (BEI). Bukod pa sa nakikitang kakulangan ng mga tao, hindi nasanay at/o nakapaghanda ang maraming guro sakaling bumalik sa dating sistema.

Sa Mismong Halalan

Alas-siyete ng umaga sinimulang buksan ang mga presinto upang maumpisahan ang pagboto.

Dala pa rin ng aberya sa mga PCOS machine at compact flash cards, may ilang presintong hindi kaagad nakapagbukas. Di-iilan ding presinto ang ipinagpaliban muna ang halalan sa pagkahuli ng pagdating ng mga makina. Nadeklara namang may pagpalya sa eleksiyon sa apat na bayan ng Lanao del Sur. Sinasabi sa ilang mga ulat na dahil umano ito sa hindi paggana ng PCOS. Gayumpaman, naging usapan-usapan din na tunay na dahilan ng pagpapaliban sa halalan doon ang hindi pagsipot ng mga BEI sa presinto sa takot na madamay sa away ng mga politiko sa mga nasabing lugar.

Sa mismong botohan, nagkakaisa ang marami sa reklamong napakabagal ng pag-usad sa pila dala ng kakulangan ng PCOS machine sa bawat presinto at ang mga pagkaantala dala ng pagkasira ng makina. Idagdag pa rito ang pangangapa pa ng maraming nangangasiwa sa proseso.

Isang salik pa ng katagalan ang pagsasama-sama ng apat na cluster sa isang presinto. Para sa mga natagalan, umabot ng halos apat hanggang anim na oras ang inilalaan ng bawat botante sa pagpila hanggang sa pagboto.

Naging problema rin ang mga nawawalang pangalan sa presinto. Kaya sa nasabing mga kabagalan ng proseso, pinili na lamang ng marami na umalis sa botohan at huwag nang bumoto pa. Marami ang umuwi na lamang at ang iba naman, kinailangan nang pumasok sa trabaho.

Bukod pa sa konsumisyon at pagkainis sa pila, ilang dati nang problema ang tumambad sa ginanap na halalan. Kaliwa't kanan pa rin ang naging reklamo at sumbong hinggil sa pamimili at pagbebenta ng boto sa lokal na nibel. Ang mga pandarayang ito ang inasahan nang mangyayari sapagkat ito ang sistemang hindi dumadaan at kayang masolusyunan ng mga makina.

Sa mga lumabas na ulat, nagkaroon ng kakaibang paraan ng pamimili ng boto sa nakaraang halalan. Kung dati binibili ng kalaban na kandidato ang mga botante ng kalaban upang bumoto nang pabor sa kanila, maaari na ring bayaran na lamang ang mga botanteng kampi sa kalabang politiko pagkatapos ay lalagyan ang kanilang mga kamay ng indelible ink upang hindi na makaboto para sa kalaban. Sa paraang ito umano, tanging ang mga botanteng pabor sa isa ang makaboboto.

Nariyan din ang paraan ng

Nagkakaisa ang marami sa reklamong napakabagal ng pag-usad sa pila dahil sa kakulangan ng PCOS machine at mga pagkaantala dala ng pagkasira ng mga makina. Apat hanggang anim na oras ang paghihintay ng marami bago makaboto.





pamimili ng boto kung saan iniaalok ang pera sa mga botante kalakip ang pangalan at larawan ng kandidato.

Bilangan at Reklamo

Sa pagsasara ng mga presinto, sunod namang inatupag ng Comelec ang transmisyon ng mga botong binilang ng PCOS machine. Sa bahaging ito, sinasabing nakabawi ang Komisyon.

Humanga ang marami sa bilis ng pagbilang sa mga boto na naisapubliko sa pamamagitan ng media. Isang araw pagkatapos ng pagsasara ng eleksiyon, may ilan nang nagpahayag ng pagsuko sa posisyong tinakbuhan.

Puna ni Pasibe, "isang magandang simula ang pag-concede ng mga kandidato kasi kaiba sa mga dating eleksiyon maagang natanggap ng mga kandidato ang pagkatalo. Sa paraang ito mas tataas din ang kredibilidad ng eleksiyon bilang isang institusyon."

Bunsod ng mabilis na resulta ng pagbilang, mabilis ding nagkaroon ng proklamasyon sa mga lokal na posisyon, bagay na naging batayan ng Comelec upang masabing tagumpay ang kauna-unahang awtomatikong halalan. Higit pang naging mataas ang paghanga sa Komisyon nang maideklara limang araw matapos ang halalan, ang siyam na Senador.

Magkagayonman, sa kabila ng mabilis na bilangan, marami pa rin ang mga reklamong ibinabato sa naganap na botohan. Una na rito ang diumano'y maagang pagpapasa ng mga nabilang na boto sa mga petsang hindi pa naman nagaganap ang botohan.

Nariyan din ang kakayahan umanong ibahin ang bilang ng mga boto sa pamamagitan ng modernong teknolohiya at ang bayaran at suhulan upang makontrol ang magiging resulta ng eleksiyon.

Nangibabaw sa ganitong mga pagdududa ng publiko ang pagturing sa nasabing dayaan sa halalan bilang "Automated Hello Garci".

Naging kontrobersiyal din ang 60 PCOS machine na natagpuan sa isang bahay sa Antipolo noong ika-13 ng Mayo. May ilang ulat din ng paulit-ulit na black-out sa mga presinto na dahilan upang maantala ang ginagawang pagbibilang at pagdudahan ng marami ang magiging resulta nito.

Sa magkakasamang aksiyon, inihain nina Senador Jamby Madrigal, Konsehal JC De los Reyes at Nicanor Perlas, mga kumandidatong Pangulo, ang isang reklamo hinggil sa dayaan umano sa eleksiyon. Kasunod nito, isa-isa na ring naglabasan ang mga whistle blower na nakaaalam umano ng mga dayaang kinasasangkutan ng ilang opisyal ng Comelec, kabilang na si Koala Boy.

Sagot naman ng Comelec sa kanilang press conference hinggil sa mga akusasyon, didinggin nila ang mga reklamo. Gayumpaman, hinihingi muna nila ang malinaw na basehan ng mga akusasyon. Kailangan umanong maipakita muna sa kanila kung paano ang sinasabing pandaraya.

Sa pangunguna ng Committee on Electoral Reform and Suffrage, inembestagahan ng Kongreso ang mga reklamong inihain. Dito nagisa ang mga opisyal ng Smartmatic at ilang kinatawan ng Comelec dahil sa mga pagkakamali, pagkukulang, at kahangalan sa nakaraang halalan.

Natapos ang pag-iimbestiga ng nasabing Kapulungan nang walang malinaw na nakitang pruweba na may dayaan nga sa bilangan.


Halalan Hanggang Saan?

Sa naganap na eleksiyon, nasaksihan man ang mga kainaman sa awtomatikong bilangan, marami pang dapat ayusin ang Comelec. Nariyan ang bagong proseso na may kaakibat na mga bagong problema. Isama pa rito ang mga suliranin sa halalang hindi natutugunan ng makina.

Maraming beses na naantala ang naging pagpupulong ng Mababa at Mataas na Kapulungan para sa canvassing ng mga boto para sa Pangulo at Pangalawang Pangulo. Karamihan sa mga ito ay bunsod ng hindi pagsipot ng ilang mambabatas, lalo na iyong mga natalo at nagrereklamo. Maaring manipestasyon na ito ng hindi pagtanggap sa pagkatalo at posibleng di-pakikiisa sa gobyerno.

Gayundin, marami pa rin ang nahalal na tradisyonal na politikong sangkot sa isyu ng katiwalian at dimabuting pamamahala. Ilan lamang ito sa mga hamon sa susunod na administrasyon. Datapwat hamon din ito para sa lahat ng mamamayan. Wika nga ni Pasibe, "Hindi maaaring iwan [lamang] sa mananalong Pangulo ang aksiyon upang umunlad."

Nananahan sa nasabing pahayag ang kainaman sa pagbabantay ng naging resulta ng boto ng nakararami at mailapat ito tungo sa paghahango ng bansang ito mula sa katiwalian at kahirapan. Matapos ang halalan, pumapasok ang gampanin ng lahat na bantayan sila sa katungkulan. M





Pagbabagong Klima: Sino ang paniniwalaan?

nina Hansley Juliano at Arnold Lau
sining ni Jeudi Garibay
lapat ni Dylan Valerio

Alamin ang pinanggagalingan ng iba't ibang eksperto sa usapin ng "Climate Change"

NANALASA NANG HUSTO ang bagyong Ondoy. Ngayon naman, hindi ganap na nagbibiro ang sabi-sabi na mas mabagal ngunit higit na kasuklam-suklam na trahedya ang El Niño. Habang nagaganap ang lahat ng ito, patuloy ang pagsirko sa likod ng isip ng mga tao sa konsepto ng climate change, ang pagbabago ng klima, at global warming, ang pag-init ng mundo.

Ayon kay Toni Loyzaga, Ehekutibong Direktor ng Manila Observatory (MO), isa ang Filipinas sa pinakamaselang mga lugar sa mundo. Aniya, "Tingnan mo lang ang pagtaas ng nibel ng tubig sa dagat. Siguro tayo ang una o pangalawa sa mga malubhang maaapektuhan dahil doon."

Ngunit puna ni Dr. Richard Gross, Guro sa Kagawaran ng Kimika sa Ateneo, masyado pang maaga upang isipin na tiyak na sanhi ng mga pinsalang pangkapaligiran sa bansa ang pagbabago sa klima.

Aniya sa Ingles, "Nangyari na ang pag-ulan kagaya ng Ondoy dati, mga limang dekada na ang lumipas. Ngunit hindi mo noon naririnig ang salitang 'global warming.'"

Kakatwa rin para sa kaniya ang mga naghahanap ng kaugnayan sa pagitan ng El Niño, isang penomenong matagal nang nararanasan ng bansa, at ng pagbabago sa klima. Hangga't hindi pa umano nagkakaroon ng siyentipikong dokumento na nagpapatunay na may korelasyon ang mga ito, hindi siya maniniwala.

Masugid na naniniwala si Gross sa tamang pamamaraan sa pagtatrabaho sa larang ng agham.

Aniya, "Hindi dapat ginagawa sa agham ang ginagawa nila ngayon sa klima, ang tinatawag nilang 'scientific consensus.' Hindi botohan ang agham."

Ang scientific consensus ang kolektibang posisyon o opinyon ng siyentipikong komunidad.

Pinupuna ni Gross ang paggamit ng mga siyentista ng mga modelo bilang pangunahing batayan para sabihin na umiinit ang mundo. Paliwanag niya, "Hindi pa nga tayo makakapagtantiya ng kalagayan ng panahon para sa isang linggo, paano ako maniniwala sa kanilang mga prediksyon para sa limampung taon?"

Katotohanan

Ipinaliwanag ni Gross na hindi siya kabilang sa mga tinatawag na climate change deniers na may sarili ring mga lihim na interes. Ngunit, batay sa kaniyang mga nababalitaan mula sa pagbabasa ng blog ng mga siyentistang kagaya nina Steve McIntyre at Roger Pielke, naniniwala siyang may itinatago ring mga interes ang mga taong nasa sentro ng agham pangklima.

Noong Nobyembre 2009, inilabas sa media sa pamamagitan ng Internet ang ilan sa mga e-mail ng mga siyentista sa Climatic Research Unit ng University of East Anglia, isa sa mga pangunahing institusyon sa mundo sa agham pangklima. Mabilis na nagkaroon ng eskandalo tungkol sa laman ng mga email na ayon sa mga kritiko ay ebidensya ng pagmamanipula ng datos at ng pakikipagsabwatan ng mga siyentista upang hindi mailimbag ang mga siyentipikong papel na may mga konklusyong tiwalag sa 'scientific consensus.'

Napakalabo rin para kay Gross ang mismong pinagmumulan ng ikinasisindak na pagbabago sa klima; kung galing ba ito sa gawa ng tao o sa gawa ng likas na pagtakbo ng mundo.

Aniya, "Mula sa nakaraang siglo, mabisa naman para sa akin ang mga pagsusukat sa kung gaano bang uminit ang mundo. Ang sagot? 0.6 degrees Celsius. Hindi ko iyan kinukuwestiyon. Duda ako sa kung gaano bang kalala ang mismong epekto ng tao, at ng carbon dioxide, sa pag-init na ito. Puro modelo lang ang ginagawa; wala pang nakakapagpakita, o nakakapagpatunay, na may kinalaman ang tao sa pag-init ng mundo. Wala."

Dahil umano dito, mapanganib din para kay Gross na gumawa ng mga patakaran batay sa haka-haka na lubhang iinit ang mundo sa mga susunod na taon at dulot ito ng mga gawaing-tao.

Ikinalulungkot ni Gross na halos nagiging doktrina na ang climate change at ang global warming para sa publiko. Masugid na umanong naniniwala ang publiko sa mga konklusyong wala pang patunay.

Aniya, "Wala kang maaasahan sa mga patakarang nakasandal sa di-siguradong impormasyon."

Pagiging di-sigurado

Bilang institusyong nakatuon ang pansin sa sitwasyon ng Filipinas, iba't iba ang sakop ng trabaho ng MO, lalong-lalo na ang mga opisina tulad ng Regional Climate Systems.

Ayon kay Loyzaga, daan-daan ang mga modelo ng klima na inihahain ng iba't ibang institusyon. Trabaho ng Regional Climate Systems ang pagpili ng mga modelo na nakasasalamin sa kasaysayan ng bansa, upang alamin kung ano ang sakop at ang posibilidad ng pangyayari nito sa Filipinas.

Kasapi ang MO sa Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC), na siyang pinanggalingan ng 'scientific consensus' ngunit kinikilala ni Loyzaga na marami pa ring mga debate tungkol sa pagbabago sa klima ang hindi pa nareresolba.

Pagbawas ng panganib

Subalit para kay Loyzaga at kay Dr. Celine Vicente, pinuno ng Geomatics for Environment and Development sa MO, higit na mahalaga ang epekto ng mga nakikitang anomalya sa klima sa bansa, anoman ang tunay na sanhi nito. Gumawa ng iba't bang mapa na magsisilbi bilang pagtaya sa nibel ng panganib, o risk, ng isang lugar ang pangunahing trabaho ng opisina ni Vicente. Mabubuod ang kanilang kahulugan ng risk sa isang equation:

Risk = Hazard x Exposure x Vulnerability

kung saan ang hazard ay sukat ng mismong pisikal na kabigatan ng isang pangyayari, ang exposure ay sukat ng mararamdaman ng tao mula sa epekto ng pangyayari, at ang vulnerability ay sukat ng kahandaan ng populasyon. Dahil dito, nagiging salik din sa paggawa ng mapa ang populasyon at ang kahirapan.

Madalas, hindi nagiging pangunahing salik ang mismong pagbabago sa klima, dahil sa karaniwang klima pa lamang, nabibigo na ang mga ibang lugar tulad ng Albay, na kasalukuyang gumagawa ng ilang rekomendasyon sa MO tungkol sa kanilang problema sa lahar, at ang Navotas, dahil sa kanilang lokasyon.

Ani Vicente, "Pag nagpapakalat kami ng impormasyon, palagi naming sinasabi na hindi lamang pagbabago sa klima ang dahilan ng ganito o ganyan. Kaso lang, naging catch-phrase na 'yung climate change bilang pantukoy sa pangkalahatang problema sa kalikasan at kahirapan."


Noong Ondoy, halimbawa, idiniin ni Vicente na isa sa mga pangunahing nangyari ay ang subsidence, o ang pagbaba ng lupa dahil masyado itong nakukunan ng tubig. Kasama na rin ang sedimentation kung saan napupunta sa ilalim ng mga lawa ang lupa. Ang mga iyan, kasabay ng malakas na ulan at mga maling-gawi sa pagtapon ng basura, ang maaari umanong nagsama-sama upang mangyari ang Ondoy.

Wala kang maaasahan sa mga patakarang nakasandal sa di-siguradong impormasyon. – Gross

"Risk reduction – pagbawas sa panganib – ang ginagawa namin. Kailangang dumako ang isang mananaliksik sa lahat ng posibleng pangyayari upang intindihin hindi lang kung ano ang nangyari sa isang lugar, kung hindi ano rin ang maaaring mangyari sa isang lugar at kung paano ito tutugunan," paliwanag ni Vicente.

"Turfing"

Ikinaiinis ni Vicente ang tinatawag niyang turfing na ginagawa raw ngayon ng mga ibang institusyong





"Iba na ang kultura ngayon. Hindi dapat ginagawa ang ganyan sa agham. Dati, bukas ang mga institusyon. Ngayon... hindi ko alam kung bakit nagkaganito." – Vicente

nananaliksik din sa agham pangklima kung saan sinasarili ng mga ito ang impormasyon.

Aniya, "Nakakapinsala para sa aming trabaho ang mga institusyon na ayaw magbigay ng kanilang datos. Gusto rin nila na harmonized ang mga scientific findings – ibig sabihin, na sa kanila lamang manggagaling ang opisyal na pakikipag-usap sa mga ahensiya ng pamahalaan."

Ganito rin ang naging puna ni Gross sa daloy ng impormasyon tungkol sa agham pangklima kung saan nagtatangkang sakupin ng mga ilang institusyon ang pokus ng pananaliksik.

Ani Vicente, "Iba na ang kultura ngayon. Hindi dapat ginagawa ang ganyan sa agham. Dati, bukas ang mga institusyon. Ngayon… hindi ko alam kung bakit nagkaganito."

Lokal na pamamahala

Datapwat para kay Loyzaga, maganda pa rin naman ang kahihinatnan ng Filipinas. Sa kaniyang tala, baka sakaling isa ang Filipinas sa mga bansang pinakamalayo ang maaabot upang masagip ang sarili sa mga panganib na dulot ng panahon.

Halimbawa, matapos ang bagyong Ondoy, nilagdaan ni Pangulong Arroyo ang *Climate Change Act of 2009*, kung saan naging opisyal na bahagi ng pamamalakad ng pamahalaan ang pagtuon ng pansin sa pagbabago ng klima. Nakita naman ang taon na ito ng *Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010* (DRRM), na nagsisilbi bilang pagbabago ng paraan ng pag-iisip tungkol sa mga sakuna. Binibigyang-pansin na rin ng bagong DRRM Act ang mga sosyolohikal, pampolitika, at pang-ekonomiyang aspekto ng sakuna.

Subalit, sa opinyon ni Gross, ang mga patakarang ipinatutupad ng Filipinas ay reactive lamang. "Sinasabi lang ng Filipinas ang sinasabi ng lahat ng iba. Kung may pera kang makukuha mula sa World Bank o sa Asian Development Bank (ADB) para sa ganitong patakaran na pambigay-lunas sa pagbabago sa klima, magtatanong ka pa ba kung may katwiran nga ba ang patakaran o wala?" Tinukoy rito ni Gross ang mga patakaran tungkol sa renewable energy, na madalas ay mas sayang pa sa gasolina kaysa paggamit na lamang ng krudo.

Inamin din ni Loyzaga na may tendensiya ang Filipinas upang sumobra sa pagpapasa ng batas kahit hindi naman inaasikaso ang pagpapatupad nito, lalong-lalo na sa nibel ng mga lokal na pamahalaan.

Aniya, "Sa pag[papa]tupad ng lahat ng batas na ito, hindi lamang pagkadalubhasa sa agham ang kinakailangan, dapat ding may tagapagsalin."

Kulang umano ang mga siyentista sa kakayahang makipag-usap sa isang komunidad upang mapalaganap ang isang ideya, na siyang nagiging dahilan kung bakit kinakailangang may kasamang mga NGO halimbawa ang mga institusyong kagaya ng MO.

Paliwanag ni Loyzaga, "Kapag dalubhasa ka sa agham, interesado ka sa kung paano bumabaha nang ganito ang isang ilog. Ngunit mahirap maging interesado sa sining ng pagpapaliwanag sa mga komunidad kung bakit bumabaha ng ganyan ang ilog. Hindi namin kaya iyan."

Ano ang "Panganib?"


Pagbabago sa klima o wala, totoo ang mga salot na nararanasan ngayon ng iba't ibang sulok ng bansa. Ang kahit anong pangyayari sa klima, karaniwan o hindi, ay dulot ng mga bagay na dapat pagtuunang-pansin.

Mahirap nga talaga na maging sigurado sa isang agham kung saan hindi lang mga molecule kundi mga tao rin ang nagsasama-sama. Ngunit kahit tila painit lang nang painit ang panahon (o bansa, kapag sumapit na ang tag-ulan), kailangan pa ring maging kritikal sa pagsusuri ng mga inihahaing paliwanag.


Ani Gross, "Huwag maging advocate para lang maging advocate… Siguraduhing naiintindihan ang lahat ng aspekto at impormasyon bago pumili ng panig."

Kabilang na rin sa impormasyong ito ay hindi lang mga sukat ng ulan at temperatura, kung hindi pati ang kalagayan ng pang-araw-araw na pamumuhay ng taumbayang direktang naaapektuhan ng pagbabago sa panahon. M





KADA BUWAN, APAT NA FILIPINO ang nagkakaroon ng HIV o Human Immuno-deficiency Virus. Noong 2009, 835 na tao ang naitala ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH) na may HIV. Kapag napabayaan, hahantong ang sakit sa AIDS o Acquired Immuno-deficiency Syndrome na sumisira sa kakayahan ng katawan na protektahan ang sarili—isang kondisyon na kadalasan ay nagdudulot ng kamatayan.



EPIDEMYA

LUMALALANG BILANG NG MGA MAY AIDS SA FILIPINAS

ni Victoria Camille Tulad
sining ni Lalaine Lim
lapat ni Jake Dolosa

Simula 1984, mahigit 4,000 Filipino na ang nagkakaroon ng HIV. Dahil sa nakaaalarmang pagtaas ng bilang ng impeksiyon, idineklara ng DOH noong Enero ng kasalukuyang taon ang pagkakaroon ng epidemya ng HIV sa bansa.

Pagkondena ng Simbahan

Sa panayam ng Matanglawin kay Dra. Esperanza Cabral, Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan, kasing-dali lamang umano ng ABC ang programa ng DOH upang solusyonan ang HIV.

Aniya sa magkahalong Filipino at Ingles, "Ang A ay para sa Abstinence kasi kung hindi ka makikipagtalik hindi ka magkakaroon ng Sexually Transmitted Disease, kasama na ang HIV. Ang B ay Being faithful sa iyong kapareha para kung isa lang ang kapareha mo at pareho kayong walang HIV, edi okay. At C, kung hindi mo kayang makapagpigil ay gumamit ka consistently at correctly ng condom."

Naging inisyatiba nga ni Cabral na umupo sa puwesto noong Enero na mamigay ng mga condom upang maiwasan ang pagkalat ng HIV. Noong Araw ng mga Puso, namigay ng libreng condom ang DOH, isang bagay na ikina-eskandalo ng Simbahan. Kinondena ng Simbahan si Cabral at pinagbintangan na sinisira ang moral ng mga Filipino. Dahil dito, idinemanda ng ilang mga Pari ang pagsibak sa kaniya sa puwesto.

Datapwat hindi nagpapaapekto si Cabral sa panawagan ng Simbahang Katoliko. Aniya, "They are entitled sa kanilang faith. Pero ang gobyerno ay may katungkulan na dapat tuparin na walang kinalaman ang simbahan dun."

Ayon kay Bric Bernas, Ehekutibong Direktor ng AIDS Society of the Philippines o ASP, sa pamahalaang Arroyo, tanging si Cabral lamang ang may tapang na ipagtaguyod ang kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pamimigay ng mga condom dahil iyon "ang isa sa mga solusyon para mapababa ang impeksiyon ng HIV."

Dagdag niya, "Alam naman natin na kahit noon pa ay merong hindi pagkakasunduan talaga diyan. Huwag na lang natin i-pokus doon. I-pokus na lang natin kung papaano natin matutulungan ang ating komunidad. Maaaring ipagpatuloy ng Simbahan ang pagtuturo tungkol sa moralidad. Ang mga Non-Government Organization (NGO), at mga Local Government Unit (LGU) at gobyerno ay magpapatuloy sa pagtataguyod ng pampublikong kalusugan."

BPO

Ayon sa pag-aaral ng University of the Philippines Population Institute at DOH na pinamagatang, "Lifestyle and Reproductive Health Issues of Young Professionals in Metro Manila and Metro Cebu," higit na may posibilidad na ang mga nagtatrabaho sa call center o Business Process Outsourcing ang magkaroon ng HIV.

Base sa sagot ng 929 na agents mula sa 35 kumpanya, lumabas na ¼ ng mga may asawa ay nagkaroon ng seksuwal na relasyon sa iba at na mas maraming lalaki ang kasuwal na nakikipagtalik sa kapuwa lalaki. Magkaganitoman, marami umano ang nakaaalam tungkol sa HIV-AIDS.

Ayon kay Cabral higit na may "risky behavior" ang mga nagtatrabaho sa call center dahil "marami silang pera, marami silang panahon at nagkakabarkadahan sila." Ang naging resulta: "sobra manigarilyo, sobra uminom, at nagkakaroon sila ng seksuwal na pag-uugali na delikado."

Sinang-ayunan naman ni Bernas ang pag-aaral na ito ng UP at DOH, at sinabing edad 20-35 o yaong mga young professional, ang kadalasang pumapasok sa ganitong mga seksuwal na relasyon. Aniya, ganito rin ang naging resulta ng 10 buwan na pag-aaral na isinagawa ng UP-PGH.

Ani Bernas, maraming salik ang nagdudulot ng ganitong pag-uugali. Una, bagaman alam ng mga nasa call center kung ano ang HIV-AIDS, ideya

lamang umano ito at hindi ganoon kalalim ang kanilang kaalaman.

Ikalawa ang tagal ng oras ng kanilang trabaho. Ani Bernas, "Dahil sa oras nga ng kanilang trabaho, sila sila nga ang magkakasama. Kaya, yung pagkakakilala nila, nagiging mas malapit [sila] kaya may mga sitwasyon na dahil lang sa parang kasiyahan, 'Ok, magtalik tayo.' Feelings aside. Just physical."

Ikatlong salik umano ang paggamit ng mga taga-call center ng internet. "Ang katotohanan na hindi naman lagi lahat ng oras e nakakakuha sila ng tawag tapos, parte ng kanilang trabaho ay merong internet… Siyempre, sa matagalan, wala kang magawa… nakikipagchat sila at doon nagkakaroon ng mga interaksiyon…. Siguro magsisimula sa internet tapos kapag nagkaroon na ng koneksiyon, yun na yung mga magaayos na yan na makipagkita."

Dagdag na salik ang mga gimikan na pinupuntahan ng mga taga-call center kung saan nakakikilala sila ng kung sino-sino, at panghuling salik naman ang impluwensiya ng alkohol dahil kapag nasa ilalim na ng kapangyarihan ng alak, hindi na nakapagdedesisyon nang maayos.

Datapwat gustong linawin ni Bernas na hindi ibig sabihin nito na dapat isipin na pugad ng HIV-AIDS ang mga call center.

Aniya, "Ito lang ang nakitang resulta ng isang pagsusuri pero hindi ito repleksiyon ng HIV infection sa buong Pilipinas."

Upang makapagpalaganap ng kaalaman, nagpatayo ang AKMA-PTM, ang party-list ng mga BPO, ng hotline (546-0691) kung saan maaaring tumawag ang kahit na sino para magtanong hinggil sa HIV-AIDS. Bukas ang naturang hotline mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon tuwing Lunes hanggang Sabado.

Pagpili

Sa pag-upo ng susunod na administrasyon, malaking pasanin ang pagbibigay ng solusyon sa epidemya ng HIV. Nauna nang nabalita noong nakaraang taon na pabor ang bagong Pangulong si Noynoy Aquino sa RH Bill; isang bagay na kinondena ng Simbahan. Oras na lamang ang makapagsasabi kung pabor din siya sa mga radikal na suhestiyon ni Cabral.

Malaki ang naiaambag ng mga grupo na gaya ng ASP sa pagkontrol sa HIV. Ani Bernas, nakikipagtulungan sila sa mga LGU at NGO sa iba't ibang bahagi ng bansa upang mamigay ng impormasyon, at maglunsad ng programa para sa mga gaya ng OFW, buntis, sex workers at MSM o men having sex with men.

Aniya, malaking balakid ang kawalan ng koordinasyon at programa mula sa pamahalaan upang mabawasan ang suliranin sa nakamamatay na sakit. Bukod dito, hindi umano ganoon kabilis ang pagresponde ng gobyerno sa isyu. Plano umano nilang maglunsad ng isa pang pag-aaral tungkol sa HIV-AIDS na pamumunuan ni Dr. Isabel Melgar, guro sa Kagawaran ng Sikolohiya sa Ateneo.



Tumutulong si Bric Bernas ng AIDS Society of the Philippines sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa HIV-AIDS

Dapat Radikal


Bagaman lagi nang konklusyon sa mga isyung gaya ng HIV-AIDS ay mauuwi sa pag-iisip na nasa tao pa rin ang pagdedesisyon upang mailigtas ang sarili mula sa ganitong sakit, sa huli, kung hindi naman maglalabas ng istriktong polisiya at mga programa ang pamahalaan na gaya ng sinusubok ni Cabral, mahirap ding makagawa ng tamang desisyon. Kung patuloy na aasa sa mga NGO ang gobyerno, hindi rin ganoon ka-epektibo ang magiging resulta dahil kulang din naman sila sa pondo.

Higit sa lahat, kung patuloy na magpapasindak sa Simbahan, hindi mapupuksa ang sakit. Kung tutuusin, moralidad din naman ng tao ang lalabagin dahil buhay ang magiging kapalit kung patuloy na magpapaka-konserbatibo. M

may kasamang ulat nina Tresa Valenton at Hermund Rosales

"They are entitled sa kanilang faith. Pero ang gobyerno ay may katungkulan na dapat tuparin na walang kinalaman ang simbahan dun."


– Cabral



AGAW BUHAY

Kalagayan ng mga Pampublikong Ospital Sa Filipinas

nina
Tresa Valenton at
Hermund Rosales
likhang sining at lapat ni
Jake Dolosa



Naglipana ang mga sakit at nagsisisulputan ang mga epidemya. Nariyan ang tuberkulosis, dengue, galis, alta-presyon, malaria, anemia at iba pa. Noong 2005, lima sa sampung mga Filipino ang pumapanaw nang hindi man lamang nakapagpapagamot sa doktor. Sa kasalukuyan, mas lumala pa ito, kung saan, pito sa sampung katao na.

Kasabay nito ang ang iba pang estadistika ng malalang kalagayan ng sektor ng kalusugan sa bansa. Ayon sa Philippine Agenda, dokumentaryo ng GMA News and Public Affairs na inere sa telebisyon noong Abril 1, 2007, umabot na sa 687 pribadong ospital ang nagsara dahil sa kakulangan ng mga personel mula taong 1998. Kaugnay nito ang pangingibang-bayan ng mga nagsipagtapos ng kursong Nursing. Sanlaksa ring mga doktor ang pinipili na lamang na maglingkod sa ibang bansa. Maliwanag din ang katotohanang marami sa mga pampublikong ospital sa Filipinas ang naghihingalo nang makapagpatuloy pa para sa mainam na serbisyong pangkalusugan.

Badyet

Para sa taong 2010, ani Dr. Esperanza Cabral, Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH), P27 bilyon sa P1.5 trilyong pangkalahatang badyet ang nakalaan para sa nasabing sektor. Ayon sa World Health Organization (WHO), 5% ng Gross Domestic Product (GDP) ang nararapat ilaan sa kalusugan. Subalit tatlong porsiyento lamang umano ang talagang napupunta rito dahil, ani Cabral, "Ang total health expenditure, hindi lamang budget ng DOH kundi budget din ng ibang ahensiya ng gobyerno na inilalaan para sa health."

Pasilidad

Naniniwala si Cabral na marami nang pag-unlad sa kalagayan ng pampublikong ospital sa nakaraang tatlong taon dahil sa pagbibigay ng pamahalaan ng bahagi ng E-VAT para sa capital outlay ng mga pampublikong pasilidad.

Taliwas ito sa opinyon ng ilang grupong pangkalusugan. Para sa kanila, maraming mga institusyon para sa serbisyong pangkalusugan ang patuloy na nangagkukulang sa pasilidad gaya ng gamot at materyales upang matugunan ang mga nangangailangan.

Sa nasabing dokumentaryo ng GMA-7, natutukan ang serbisyong pangkalusugan sa Sitio Itao, Timog Upi, sa Maguindanao. Sa bayang ito, walang klinika. Kung magkakasakit man ang mga residente, kadalasang hinahayaan na lamang nila ito hanggang sa gumaling nang kusa at/o nagpapaubaya na lamang at nakikipagsapalaran sa kung saan mang



Dr. Darby Santiago, Tagapangulo ng Health Alliance for Democracy at isang retina surgeon

"Hindi natin masisisi ang mga doktor na umalis sapagkat kailangan din naman nilang buhayin ang kanilang mga sarili. Talagang malaki ang sahod sa ibang bansa."
– Santiago

kalagayan sila dalhin ng karamdaman. Marami ang sa kanila'y tumanda at pumapanaw nang hindi nabibigyan ng serbisyong medikal.

Para kay Dr. Darby Santiago, Tagapangulo ng Health Alliance for Democracy (Head) at isang retina surgeon na nakadestino sa Abra, maaaring hindi paniwalaan ng mga doktor sa lungsod ang mga estadistika subalit, "Sa mga probinsya, iniiwan na lang nilang namamatay 'yong mga maysakit. Parang sanay nang walang doktor dun sa mga pinupuntahan ko."

Sa nasabing dokumentaryo ng Philippine Agenda nabanggit na marapat na mayroong isang health center sa isang barangay. Subalit sa bansa, 500 barangay ang nag-aagawan sa 100 health center na marami ring suliranin sa pasilidad. Dagdag pa rito ang nakapanlulumong datos na sa 41, 939 na barangay, nasa 15, 436 lamang ang ospital. Ang marami pa sa mga pasyente, naipapasok man sa mga pampublikong ospital, wala ring makuhang libreng gamot sapagkat nauubusan dito ng stock o dahil sa lipas na ang mga ito. Kaya naman ang marami sa kanila, pinipili na lamang na hindi bumili dahil sa nakalululang presyo nito.

Isa pang kinahaharap na malaking suliranin sa kalagayan ng kalusugan sa bansa, partikular na sa mga pampublikong ospital, ang pagpapabayad ng mga ito para sa kanilang serbisyo. Marami ang nagpapabayad na sa mga laboratoryo, gamot, at maging sa pagokupa sa parking.

Ayon kay Santiago, marami sa mga ospital ang kung hindi man nagsasara, sumasailalim na sa pribatisasyon o korporatisasyon. Bahagi umano ito ng pandaigdigang galaw tungo sa neoliberalismo at deregulasyon, mga hakbangin ng pamahalaan upang makapagtipid sa mga serbisyong panlipunan kapalit ang oportunidad na makabayad ng utang at/o makautang ang bansa sa World Bank at International Monetary Fund (IMF). Isang epekto nito ang nakakaawang lagay ng serbisyong-medikal ng mga pampublikong ospital dito at ang kawalang katiyakang matutugunan ang suliraning pangkalusugan ng ng mga Filipino, lalo na ang mahihirap na mamamayan. Wala umanong opsiyon ang mga pampublikong ospital kundi ang maningil ng bayad nang sa gayon, makapagpatuloy sa kanilang serbisyo.

Isa ring paraan ng mga ospital sa bansa upang maisalba ang sarili ang pagbibigay-daan o higit na pagbibigay-prioridad sa tinatawag na turismong medikal kung saan hinihimok ng pamahalaan ang mga dayuhan na magpagamot sa Filipinas. Dinarayo ang mga ospital rito sapagkat mas mura ang serbisyo sa perspektiba ng mga dayuhan. Sa punto de bista naman ng pamahalaan at pagamutan, malaki ang kita mula sa pumapasok na dolyar na nag-aangat sa ekonomiya.

Nakikita ng DOH ang benepisyo at disbentaha ng ganitong sistema. Ayon kay Cabral, kinakailangan ng ospital ng pondo upang mapanatili ang kalidad ng serbisyo nila. Dahil umano sa korporatisasyon, "Napananatili nila 'yung income nila at nagagamit nila upang mapabuti ang kanilang mga pasilidad." Magkagayon man, batid din niya na, "Minsan, sa kagustuhang kumita ng pera, nakakalimutan na nila na ang pangunahing layunin nila ay ang pagsilbihan ang mahihirap. Napapabayaan ang health care para sa mga Filipino mismo. At lahat napapatuon na lang para sa mga serbisyo sa mga dayuhan kasi sila 'yung nakakapagbayad."


Sa kabilang banda, naniniwala si Dr. Eleanor Jara, Direktor ng Council for Health and Development (CHD), na hindi ito sapat na dahilan upang pabayaan ang batayang karapatan ng mamamayan dahil, "Inaasahan nila ang serbisyong pangkalusugan na nararapat sa kanila."

Susog ni Santiago, "Masyado silang naakit dun sa ginagawa ng Thailand [na turismong medikal]. Pero kasi sa Thailand, mura ang gamot. Halos walang binabayaran ang mga mamamayan kapag sa government hospitals. Sa private hospital lang ang medical tourism nila."

Pagsasara at Kawalang-Personel

Naniniwala si Cabral na walang "brain drain" sa sektor ng kalusugan dahil sa pagkakaroon ng humigit-kumulang 200,000 na walang trabahong nurses na muling inabutan ng pagsasara ng Estados Unidos sa mga empleyong medikal.

Ang anggulo namang tinitingnan nina Jara at Santiago, nangagkukulang ng personel para sa mga serbisyong medikal. Dagdag pa ni Santiago, lalong nawawalan ng gana



ang mga Filipino sa paglilingkod sa bansa dahil sa hindi makatarungang pagtugon ng pamahalaan sa kanilang pangangailangan at mga benepisyo.

Nariyan na umano ang mga isyu ng kontraktuwalisasyon. Kagaya ng nagaganap sa mga korporasyon at negosyo, talamak din ang pagkakaroon ng mga kontraktuwal na manggagawa sa mga ospital. Sa ganang ito, hindi nagiging regular ang mga empleyado—"Parang ganon din sa SM; sinuwelduhan sila pero wala silang benepisyo," wika ni Jara.

Mayroon din umanong tinatawag na "freeze hiring", pamamalakad kung saan hindi na maghahanap ng panibagong trabahador. Ang sasalo ng trabaho sa ospital ay iyong mga naiiwan sa tanggapan. Kaakibat nito ang pagod at pagkakapos sa sahod ng mga manggagawa hindi lamang sa sektor pangkalusugan kundi sa iba pang sangay ng pamahalaan.

Ayon kay Cabral, normal lamang umano ang pagkakaroon ng kontraktuwalisasyon at freeze hiring sa lahat ng ahensiya ng pamahalaan dahil may natatakda nang bilang ng regular na empleyado. Dahil sa pagdami ng nangangailangan ng serbisyong medikal, hindi maiwasang kumuha rin ng mga kontraktuwal ang mga ospital.

Manipulasyon ng Pamahalaan

Para kay Jara, dumarami umano sa mga doktor at nurse ang umaalis ng bansa dahil na rin sa panggaganyak ng gobyerno. Bahagi umano ito ng labor export policies ng pamahalaan upang maging mas malaki ang kita mula sa pagpapadala galing sa ibang bansa.

Ani Santiago, "Hindi natin masisisi ang mga doktor na umalis sapagkat kailangan din naman nilang buhayin ang kanilang sarili. Talagang malaki ang sahod sa ibang bansa."

Dagdag pa niya, laging idinadahilan ng pamahalaan na walang pera kaya magtiis na lang umano sa nailalaan sa mga pampublikong ospital. "Pero hindi e, 'di dapat ganun. Dapat ipagpilitan na mahalagang institusyon ang para sa kalusugan, dapat ipaglaban 'yun, kundi mananatili na tayo sa ganung kalagayan."

Sa palagay naman ni Cabral, hindi proporsyon ng doktor sa populasyon ang suliranin kundi ang distribusyon. "Kasi ang lahat ng doktor nagsisiksikan dito sa urban, walang may gustong pumunta sa geographically isolated and depressed area, for reason of security."

May koneksiyon ang komento rito ni Jara. Aniya, "May mga doktor ka nga [na nananatili ngunit], hinuhuli naman." Sa huli niyang pahayag, tinutukoy niya ang insidente ng "Morong 43" kung saan hinuli ng mga militar ang 43 mediko habang nagsasagawa ng paglilingkod pangkalusugan sa komunidad sa pag-aakalang nabibilang sila sa New People's Army (NPA). "Nakakadiscourage ang ganitong mga pangyayari, na ang administrasyong Arroyo, pansariling kagalingan ang inaasikaso," pahayag ni Jara.

Solusyon

Sa kalagayan ng sektor ng kalusugan sa Filipinas, marami pang dapat tugunan ang pamahalaan.

> "Kung public hospital ang gagamitin mo para sa medical tourism, lalo mong minamarginalize ang mga Filipinong hindi makakabayad. When you ease out patients para maimprove ang facilities, ipinapakita na hindi talaga pinag-iisipan ang kapakanan ng ating mga kababayan."
> – Jara


Victoria Camille Tulad

Dr. Eleanor Jara, Direktor ng Council for Health and Development

"Pataasin ang badyet para sa kalusugan," giit ni Santiago. Sa ganitong paraan umano mabubuhay ang serbisyo publiko para sa kalusugan.

Sinusuportahan ito ni Jara sa pagbibigay-kritika sa katiwalian sa gobyerno, na sa halip na sa korupsiyon ng kasalukuyang administrasyon napupunta ang pondo, dapat itong ibigay sa mga pampublikong ospital.

Sa panayam ng Philippine Agenda kay Dr. Francisco Duque III, ang nanungkulang Kalihim ng DOH bago si Cabral, isang dulog nila upang mapapanatili at/o dumami ang mga personel sa serbisyong pangkalusugan ang pagbibigay ng suportang pinansiyal sa mga mag-aaral nito.

Gayumpaman, kung ang lahat ay nauuwi sa pangako at pagpaplano lamang, patuloy na maghihingalo ang sektor ng kalusugan sa bansa. Kung nananatiling hindi maayos ang serbisyo publiko sa anomang aspekto, patuloy na magkakasakit at maghihirap ang nakararaming Filipino.

Ayon na rin kay Jara, "It is a changing in the frame of mind [and] priorities," tinutukoy ang pagbabago sa pag-iisip at prayoridad ng pamahalaan at ng mga propesyunal sa larang ng kalusugan. M

PAGLIMOT



Titik ni Gerald Pascua, kuha at lapat ni Jake Dolosa

Hindi madaling makalilimot
ang pusong tigib na sa himutok at poot

poot na ipinunla sa mga nangagugutom na sikmura,
pinataba sa abono ng pananamantala

diniligan ng dugo ng 'di mabilang na pinaslang,
maikubli lamang kanilang panlilinlang





samantalang
nanginginain ang iilan sa
kaban ng bayan,
at nagpapalago ng
sariling yaman



mga kaibigan at
kasabwat lahat
kaakibat,
sa pagpapasarap at
pangungulimbat





Ay, talaga ngang hindi
madaling makalilimot
ang bayang nabingi na sa
mga palusot.

BUNDOK MALARAYAT PARAISONG NANGANGANIB?

Isang pagsilip sa kalagayan ng Bundok Malarayat, ang mga mamayang nabibiyayaan nito at ang aksiyong ibinabato ng pamahalaan upang higit itong mapayabong.

ni Robee Ilagan
dagdag na ulat at kuha ni
Arvel Malubag ng Pusod, Inc.
lapat ni Jake Dolosa



Biniyayaan ang Filipinas ng kagandahan ng kalikasan na bukod sa pinagkukunan ng likas na yaman at kagamitan ay nagsisilbing pagkakakilanlan rin ng isang lugar.

Ang Bundok ng Malarayat ay sumasakop sa tatlong lalawigan sa Katagalugan - ang Batangas, Laguna at Quezon. Ang kagubatan nito ang isa sa pinaka-iingatang kagubatan ng bansa ngunit ngayon ay nahaharap sa sa problema ng ilegal na pagtotroso at pangangaso.

Ayon sa Proclamation 842, tinatayang 1,257 ektarya ang sinasakop ng Forest Reserve ng Malarayat. Ang nasabing bundok ang nagsisilbing sanggalan ng mga probinsya sa bagyo sapagkat binabasag nito ang hampas ng hangin at lakas ng ulan. Higit pa rito, ang bulubundukin ng Malarayat ay tubig-tinggalan (watershed) na siyang pinagmumulan ng tubig ng ilang lungsod sa Batangas.

Sa kasalukuyan, naisabatas na ang Wildlife Act – RA 9174 na pumoprotekta hindi lamang sa mga hayop kundi maging sa tahanan at pagkain ng mga ito. Dagdag pa sa mga naipasang batas ang Presidential Decree 705 na siya namang nagbibigay-proteksiyon sa mga halaman at puno laban sa ilegal na pagtotroso. Kalimitang pagmumulta, pagkumpiska ng kagamitan at pagkakakulong ang karampatang parusa sa mga paglabag na magagawa.

Hanggang Salita lamang

Bagaman maraming batas, hindi pa rin sapat ang mga ito upang igarantiya ang paglutas sa mga suliranin na gaya ng sa Malarayat.

Sa isang panayam kay Pedro Latorre, Pangulo ng Mt. Malarayat –Malepunyo Watershed Protection Council (MMWPC) nabanggit niyang, "Hindi pa rin mahigpit ang aming pamamaraan; ika nga, santong dasalan ang paraan. Ang katwiran kasi [ng mga nahuhuli] ang dapat hinuhuli yung mga magnanakaw. Buwan-buwan ang ginagawang pagpapatrolya ng mga miyembro ng MMWPC sa pangunguna ng National Power Corporation (Napocor) na tumatagal ng halos anim na oras. Ang mga nahuhuling lumalabag sa batas ay napagsasabihan lamang.

Ang ganitong pangyayari ay hindi kaiba sa mga lugar na sakop ng Malarayat. Sa kasalukuyan nadadaan sa usapan ang mga paglabag sa dahilan ng pinaghalo-halong pakikisama, awa at pansariling pagnanasa. Aminado ang mga namamahala sa ilang barangay sa labis na kahinaan ng kanilang direktiba pagdating sa pagpapatupad ng batas na nararapat.

Ayon na rin kay Andalicio Olayao, Pinuno ng kapulisan sa Brgy. Sto. Niño, depende sa lugar na pinanggalingan ng tao ang parusang ipapataw. Bagama't sa lupang sakop ng kanilang barangay nangyari ang paglabag, kalimitan aniyang ang desisyon ng barangay na kinabibilangan ng may sala ang nangingibabaw.

"Wala na rin kaming update na natatanggap pagkatapos maibigay sa ibang barangay yung (taong nagkasala)," dagdag ni Olayao.

Ngunit ayon kay Regino Pesa, Konsehal ng Brgy. Sto. Niño, hindi kasiguraduhan ang ganitong polisiya dahil aniya, "Agarang nawawala ang mga nag-uuling sa mga nasabihan pero kapag tumagal na, muli silang babalik tapos ang barangay uulit din lamang ng pagsasabi. Pare-parehong tao ang gumagawa (kahit na) taon naman ang binibilang hanggang sa bumalik sila sa pag-uuling muli."

Tulong Mula sa Gobyerno

Sa kasalukuyan, pangunahing tagapamahala sa Malarayat Forest Reserve ang Napocor. Ang MMWPC ay binubuo ng 17 barangay na nasasakupan ng Malarayat mula pa rin sa mga lalawigan ng Laguna, Batangas at Quezon. Bawat barangay ay mayroong lima hanggang pitong deputized forest officer (DFO) na sumasama sa buwanang pagpapatrol sa kabundukan ng Malarayat.

Lubos ang pasasalamat ng mga barangay sa Napocor sapagkat "higit na nagkaroon ng direksiyon ang pagbabantay sa... kabundukan at higit na napagtutuunan ito ng pansin ng aming barangay," ani Leonardo Novicio ng Brgy. Talisay.

Aminado ang mga residente sa malaking tulong na naipaaabot ng Napocor pero mayroon pa rin umanong pagkukulang ang ilang kawani ng pamahalaan.

Ayon kay Novicio, bihira nilang makasalamuha ang Department of Environment and Natural Resources o DENR sa mga proyektong mayroong kinalaman sa Malarayat. Aniya pa, "Kapag mayroong mga pagpupulong makikita mo ang partisipasyon ng DENR pero pagdating sa aksiyon wala masyado; nagtatamad-tamaran lamang ang mga iyon."

Iginiit din niya na kung sakaling nagkaroon ng matapang na direktiba at mayroong aksiyon na makikita mula sa DENR, malamang na higit na matatakot at mababawasan ang bilang ng mga taong ilegal na sumisira sa bundok.

Sa kabila ng mahigpit na pagbabawal ng batas sa pangangaso sa mga kagubatan, patuloy pa rin na may mga gumagawa nito ayon kay Roger Salas, Forest Ranger ng DENR-Batangas. Maaari aniyang dalhin sa kanilang tanggapan ang mga mahuhuling nangangaso sa bundok. Sa panayam sa telepono, aminado si Salas na hindi sapat ang bilang na 11 mga forest ranger na nakatalaga sa DENR-Batangas upang matutukan sa pagbabantay ang buong lalawigan

"Kapag mayroong mga pagpupulong makikita mo ang partisipasyon ng DENR pero pagdating sa aksyon wala masyado; nagtatamad-tamaran lamang ang mga iyon." – Novicio


Chalcophaps Indica - Isa sa mga ibong nanganganib maubos sa Bundok Malarayat.

kung saan tatlo aniya ang itinalagang magbantay para sa Bundok Malarayat.

Sa bisa ng Special Ordinance Blg. 53-2007, naitayo rin ang Lipa Head Waters Council (LHWC). Higit pa sa pagbibigay ng P100,000 para sa delineation ng lupa ng Malarayat, inaasahan mula sa pamahalaang panglunsod ang pagkaroon ng inisyatibo na siya namang susundan ng mga barangay.

Laban ng Kalikasan at Kayamanan

Isang hindi malilimutang tagpo hinggil sa pangangalaga ng Malarayat ang isyu hinggil sa pagmimina na kinasangkutan umano ng mga residente ng Brgy. Sto. Niño laban sa may-ari ng 200 ektaryang lupang si Enrique Araneta.

Sa kuwento ni Eleno Mea, Kapitan ng Brgy. Sto. Niño, "Kumukuha ng bato ang may-ari ng construction pero ang malaking problema, naapektuhan yung ilog. Walang agresibong nangyari pero ramdam naming galit ang may-ari dahil nga sa naging pagpapatigil sa proyekto."

Dagdag ni Mea, nasundan pa ito ng proyektong pagtatanim ng kape sa nasabing lupa. Pumayag ang mga residente sa kasunduang walang malaking puno ang puputulin subalit sa kanilang pagkadismaya, "may reklamo noon kaming natanggap na tuloy ang pag-uuling ng mga tao ni Araneta tapos noong 2008, nakitang clear out ang mga puno sa lugar, lahat ng mga punong malalaki nawala." Nakalbo umano ang malaking bahagi ng kabundukan.

Hinanakit ni Regino Pesa ng Brgy. Sto. Niño, "Ang masakit kasi dito, itinatanim at binuhay ang kahoy tapos makikita mong puputulin nakakasama talaga ng loob."

Ayon sa batas, walang sinoman ang maaaring makapagmay-ari ng mga lupang nararapat na pangalagaan. Paliwanag ni Resty Salazar, Forester ng Provincial Environmental and Natural Resources Office (PENRO), may tatlong paraan upang makakuha ng titulo — sa korte, DENR at sa Department of Agriculture o DA.

Aniya, "Ang nagiging malaking problema diyan ay yung sa korte. Dapat kasi mayroong tawag sa amin para makontra kung sakaling forest reserve ang mga lupang pinapatituluhan kaya lang kung minsan dadating yung sulat ng korte tapos na yung hearing at mayroon ng titulo yung lupa. Puwede pa naman ipakansela ang titulo kaya lang panibagong proseso at mahabang panahon pa ang hihintayin".

May pag-asa pa

Sa obserbasyon ni Dr. Arvin Diesmos nakakaangkop na diumano ang mga hayop at ibon sa gambala o istorbong likha ng mga tao katulad ng pangangaso, pangangahoy, pamumulot o pag-aani ng mga bungang-kahoy.

Bahagi sa nasabing pananaliksik ang paglalagay ng mga patibong para sa mga palaka, ibon, langgam, paniki at iba't iba pang hayop upang mabilang at maitala kung ilan ang uri nila na matatagpuan sa Bundok Malarayat.

Malaki rin ang potensyal ng Malarayat na maging birdwatching site ayon kay Rolly Urriza, isang ornithologist. Kumpara aniya sa ibang forest reserve, madaling masilayan ang mga ibon dito kahit nasa anim na daang talampakan pa lamang. Ngunit, pangamba ni Urriza na maaring maubos din ang ibon sa bundok kung hindi makokontrol ang pamamaril sa mga ito.

Pabaon na Yaman

Bago pa man magkaroon ng malakihang batas at pagtatayo ng mga organisasyon, isang malaking gampanin na ang pangangalaga sa kalikasan — ang kalikasan na mamanahin ng susunod na Filipino na pagmumulan ng pagkakakilanlan at kabuhayan. Ayon nga kay Latorre, "Wala naman kaming hinihinging kapalit kasi alam naming para sa amin din ang ginagawa namin." M

"Ang masakit kasi dito, itanatanim at binuhay ang kahoy tapos makikita mong puputulin nakakasama talaga ng loob."

– Pesa

ANAK NG TUPA!

ni tinalupang tupa



WASSAP!!

Kumusta naman kayo noong araw ng eleksyon?? Malamang naranasan niyo maski isa sa mga bagay na 'to...

'Yong habang nagshe-shade ka ay mapapansin mo na may shade na ang isang bilog, at 'di mo na maisauli dahil nasulatan mo na...





'Yung "INDELIBLE INK" na hindi talaga indelible ...



Mga artistang ka-presinto mo pala, at mga kandidatong pa-espesyal at 'di pumila!

At higit sa lahat, mga TV network na nagbibigay ng kung ano'ng tunay na kailangan ng bansa sa panahon ng eleksyon...

HOLOGRAM!



Ngayong magsisimula tayo muli, kailan kaya natin makukuha ang 'ika nga ...





Tunay na Pag-unawa

Dahil hindi lamang pang-ekonomikong kalagayan ang problemang hinaharap ng mga Katutubo

ni Elroy Rendor
sining ni Mich Garcia
lapat ni Dylan Valerio at Jake Dolosa

UNA SILANG TUMAMBAD sa mag-aaral na Filipino sa mga aklat sa Sibika at HEKASI. Sa mga tila guhit-kamay na larawan sa mga nasabing aklat, minulat ang mga batang Filipino at ang lipunan sa kanilang pisikal na kaanyuan – tila isang pagkakahon – isang mababaw na puna sa kanilang tunay na kalagayan.

Isang beses kada taon, bumababa sila o umaalis mula sa kanilang tunay na tirahan at tumutungo sa mga lungsod katulad ng Maynila upang hindi lamang tikman ang buhay ng urbanidad, bagkus pati na rin sulitin ang ika nga ay panahon ng bigayan: palitan ng mga regalo tuwing Pasko at mga pista.

Ang mga tinatawag na katutubo o Indigenous People (IP) ay umaalis mula sa kanilang lugar ng kaginhawaan upang sa lungsod sumayaw; ginagawa ang kanilang ritwal at kung ano-ano pa kapalit ng ilang barya, ilang bente, ilang isang-daan.


Dahil nga dito, Hindi na maikakailang ang kanilang ginagawa ang nagbigay sa kanila ng bansag na Indigenous beggars (IB).

Ayon sa National Commission on Indigenous Peoples o NCIP, ilan sa mga grupo ng IP ang mga Badjao, Aeta, Ifugao, Ibaloi, Kankanaey, Kalinga, Isneg, Tingguian, Bugkalot, Dumagat, Ati, Mangyan, Manobo, Tagbanua, Teduray, Subanen, T'boli, Bagobo, Higaonon, at marami pang iba. Madalas na ang mga namamalimos ay ang mga grupong Badjao at Aeta.

Maynila at Ningning

Mula sa kaniyang mayaman na pag-aaral sa mga Badjao o Sama dilaut, inilarawan ni Gerard Rixhon, Guro sa Kagawaran ng Sosyolohiya at Antropolohiya sa Ateneo, ang kanilang pamumuhay bilang isang pamumuhay na nakaangkla sa kanilang bangka na nagsisilbing kanilang tirahan.

Aniya sa wikang Ingles, "Dahil sa





kanilang mabuway na ekonomiya, paminsan-minsan silang bumibisita sa Zamboanga, Maynila, at Lipa o iba pang lugar sa Luzon upang mamalimos."

Hindi lamang para sa mga Badjao nagagamit ang mga pang-ekonomikong pangangailangan bilang rason sa kanilang pagdayo. Ayon kay Marilyn Abuso ng Jose Fabella Center (JFC), ang sangay ng DSWD na nakasentro sa pagbibigay ng rehabilitasyon, maraming dahilan ang pagpunta, hindi lamang ng mga Badjao, kundi pati na rin ng iba pang IP sa mga kalungsuran.

Aniya, ang nagsusulsol na sindikato ang una rito. "Iyon ang sinasabi nila [mga IP]. [Ayon sa panayam namin sa kanila], may nag-aanyaya talaga sa kanilang pumunta sa Maynila at poprotektahan sila."

Bukod dito, isa ring dahilan ang luho. Aniya pumupunta rin sila rito upang makinood ng telebisyon at makatikim ng mga bagong pagkain dahil walang ganoon sa kanilang pinanggalingan.

Mayroon naman umanong aksiyon ang pamahalaan para sa mga IB na inihahatid sa JFC. Tatlong araw lamang ang inilalagi nila roon at doon din dinadala ang iba pa nilang kasamahan, samantala, kinukuhaan sila ng kanilang mga datos at sinasamahang bumalik sa kanilang pinanggalingan. Tatlong araw lamang ang itinatagal ng mga IP sa JFC dahil kapag nagtagal, tumatakas ang mga IP. Sa huli, natututunan umano nila ang leksiyon na wala rin silang makukuha rito sa Maynila kaya naman paunti na nang paunti ang kanilang bilang.


Tama nga bang tulungan?

Ayon kay Abuso, may ginagawa naman ang pamahalaan para sa mga katutubo. "Sinusuportahan din naman sila doon [ng DSWD at ng lokal na pamahalaan], may programa ding ibinibigay sa kanila kaya lang ang hirap lang sa kanila... binibigyan sila ng mga proyekto, ng mga ikabubuhay, ng livelihood assistance. Binibigyan din sila ng housing project [pero] ibinebenta nila iyon kaya nagkakapera sila [at] nakapupunta rito."

Bukod dito pinoprotektahan din umano ang mga IP ng R.A. 8371 o *The Indigenous Peoples Rights Act of 1997* kung saang nilalayong panatilihin ang interes sa mga IP. Makikita sa ikaapat na kabanata ng naturang R.A. ang pagbabalangkas ng lupain ng mga IP. Subalit katulad ng ibang mga nakasulat na batas, palagiang tanong ang pagiging epektibo nito lalo't higit pagdating sa implementasyon ng nasabing batas dahil wala umanong ngipin ito.

Katulad ng mga Badjao, siguradong hinaharap ng iba pang mga IP ang suliraning ito. Kinailangan nilang dumaan sa proseso ng estado upang matamasa nila nang lubos ang kanilang karapatang isinasaad ng R.A. bagamat intrinsiko na dapat ang mga nasabing karapatan. Kung gayon, tunay nga silang nabibiktima ng mga modernong estado. Kaya naman para kay Rixhon, sila ay maitataguri bilang "...aksidente ng kasaysayan... inilagay sila sa isang bagong sistema na hindi naman nararamdaman ng mga tao. Pakiramdam nilang isinasantabi sila sa rehimeng Amerikano at Filipino. Sila ang mga nasa gilid."

Mababasa rin sa parehong R.A. ang mga malalabong konsepto ng "development". Sa Chapter 1, Section 2.a. ng naturang R.A., sinasabi na, "The State shall recognize and promote



the rights of ICCs/IPs within the framework of national unity and development."

Malabo at mabigat ang terminolohiyong "development." May angking power-play din ang paggamit ng terminong ito dahil hindi naman nakasisiguradong magkakaroon nga sila ng sapat na boses sa paghubog ng konsepto ng pambansang pagkakaisa at "development."

Malabo rin ang linyang ekonimiko, sosyal at kultural na kabutihan ng Kabanata 1, Seksiyon 2.b. Ano nga ba ang "well-being" para sa mga IP? Ni hindi nga nakasisigurado ang pamahalaan na ang mga salitang "development" at "economic, social, cultural well-being" ay nasa kanilang bokabularyo.

Kaya naman siguradong naiiba ang kanilang konsepto ng "development" at dahil sa ebolusyon ng mga modernong estado katulad ng Filipinas, napasakop sila sa batas na hindi naman talaga nila ninais magpasakop noong una pa lang. Naiipit sila sa konsepto ng "national unity" na hindi naman talaga nila iniisip noong una pa lamang o sinang-ayunan man lamang. Nagiging bahagi sila at ang kanilang mga lupain at kayamanan sa mahabang listahan ng prayoridad ng bansa sa plano nito ng "development".

Sa huli, kailangan ng masusing analisis na ang tulong na ibinibigay ng pamahalaan sa kanila ay hindi nakasisiil ng kanilang kultura at ang pagpasok ng mga kalunsurang kaisipan ay hindi mapanghimasok.

Mabangong Bangungot

Ang suliraning kinahaharap ng mga IP ay pinalalala ng pagpasok ng mga modernong konsepto na nakahuhumaling at nagiging dahilan upang subukin nila ang Maynila. Ngunit pagdating naman nila dito, pinababalik din sila sa kanilang pinanggalingan. Tuloy, tila nagkakaroon ng domestikong pagsipa sa hagdan ng mga IP. Matapos ang pagpasok ng konsepto ng "development" hindi naman sila hinahayaang lubos na makamit ito dahil kuwestiyonable kung dapat nga nilang maranasan ang kaunlaran ng buhay.

Mukhang ang Maynila ay isang sadyang mabangong bangungot para sa mga IP. Kailangan ba talaga nila ng awa kung ang mismong pakiramdam ng awa ay apirmasyon ng dunong ng taong iniisip na nakatataas sila sa mga IP kahit na sa huli ay patas lang naman? Kailangan ba silang pabayaan kung naipit na rin naman sila sa sistema at hindi na maikakaliang naging responsibilidad na sila ng estado? Marahil balanse ang kailangan nila. M

"Iyon ang sinasabi nila [mga IP]. [Ayon sa panayam namin sa kanila], may nag-aanyaya talaga sa kanilang pumunta sa Maynila at poprotektahan sila."
– Abuso







Laban para sa Kalikasan

Pagkilatis sa Dalawang taon ng AEMC

Nina Joanne Galang at Gerald Pascua
Likhang Sining at Lapat ni Julz Riddle
Kuha ni Jake Dolosa

Upang ipakita ang pakikibahagi ng Ateneo sa mga umiigting na panawagang pangalagaan ang kalikasan at kapaligiran, inilunsad nito ang Ateneo Environmental Management Coalition (AEMC) noong 2008.

Kabahagi ng naturang koalisyon ang iba't ibang sektor tulad ng Sanggunian ng mga Mag-aaral ng Ateneo, Konseho ng mga Organisasyon sa Ateneo (COA), mga guro, kawani at administrasyon. Mula nang pasinayaan ni Dr. Ma. Assunta Cuyegkeng, dating Pangalawang Pangulo ng mga Paaralang Loyola, ang AEMC, ilang proyekto na rin ang pinamahalaan nito upang gawing higit na malay ang komunidad ng Ateneo sa mas makakalikasang pamamaraan ng pamumuhay.

Sa kabila ng magandang layunin, naririyan pa rin ang pag-aalinlangan kung nagiging matagumpay at epektibo nga ba ang mga proyekto ng AEMC.

Mga Proyekto

Nakatuon ang karamihan sa mga programa ng AEMC sa pangangasiwa ng basura sa Pamantasan. Batay sa ulat ng mga gawain ng AEMC para sa buwan ng Abril hanggang Oktubre ng taong 2009, ilan sa mga pangunahing proyekto ng pangkat ang Revised Segregation Scheme and Packaging Guidelines, LS Materials Recovery Facility at LS Vermicomposting Facility.

Sa pamamagitan ng Revised Segregation Scheme, nagkaroon ng bago at mas detalyadong paghihiwalay ng mga basura mula sa nabubulok at hindi nabubulok. Mayroong pagtatalaga sa mga Recyclables, Compostables, Dry Paper, Other Waste at E-Waste.

Nakatutulong ang panibagong pag-uuri ng mga basura upang mapangasiwaan nang maayos ang LS Materials Recovery Facility kung saan ibinubukod ang mga recyclable at papel upang ipagbili, samantalang sa LS Vermicomposting facility naman inilalagak ang mga nabubulok na basura upang maging pataba.

Kaugnay nito, nilalayon din ng ilang proyekto na mabawasan ang bulto ng mga hindi nabubulok na basura sa pamamagitan ng E-Bee Campaign, kung saan nakapaloob ang CLAYGO (Clean as you Go) at BYOB (Bring your own Baunan) na nauna nang naipatupad sa mga kainan sa Pamantasan noong taong 2008.

Bumubuo rin ang AEMC ng mga porum at diskursong kinabibilangan ng mga mag-aaral, guro, kawani at administrasyon, gayundin ang mga kampanyang nagtataguyod ng recycling at pagbabawas ng ecological footprint ng Pamantasan.

Tinugunan din ng AEMC ang lumalalang isyu ng polusyon sa hangin sa pagpapakilala ng E-Trike, mga traysikel na pinatatakbo ng kuryente sa halip na langis na hindi naglalabas ng maruming usok.

Para kay Abigail Favis, tagapag-ugnay ng AEMC, isang "ad-hoc project"

para sa taong 2009 ang E-trike. Ibig sabihin, hindi kabilang sa mga orihinal na napapgplanuhang proyekto para sa taong iyon ang E-trike at naipanukala lamang sa kalagitnaan ng naturang taon.

Pagbubuo ng mga Proyekto

Ayon kay Favis, dumaraan sa masusing pananaliksik ang mga proyekto nila bago tuluyang inirerekomenda sa administrasyon na siyang magpapasiya kung ipatutupad ang naturang panukala. Isang halimbawa ng pag-aaral na kanilang isinagawa ang Waste Audit noong 2008 na pinagmulan ng mga datos na kanilang magsisilbing batayan upang makabuo ng isang kongkretong plano sa pangangasiwa sa mga basura ng Pamantasan.

Dagdag niya, tumitingin muna sila ng ibang mga proyektong kasalukuyang ipinatutupad sa labas ng Pamantasan. Mula sa mga ito, susubukan nilang ibagay sa loob ng Ateneo ang naturang proyekto.

Humahanap sila ng mga kaugnay o katulad ng kanilang mga panukalang proyekto sa labas upang magsilbing gabay at batayan sa pagpapatupad nila rito kung sakaling magustuhan ito ng administrasyon.

Ayon sa kanilang Year-End Report para sa taong 2008-2009, isa sa mga sinuri nilang pamamaraan ay ang isinasagawang pangangasiwa ng basura ng Barangay Bagong Buhay, isa sa mga modelong barangay sa lungsod Quezon.

Sumasangguni rin ang koalisyon sa mga stakeholders na maaaring maapektuhan ng mga proyekong ipinatutupad nila. Nagtakda sila ng mga pangkat adbokasiya mula sa bawat sektor ng LS upang maiparating ang layunin ng mga proyekto nila sa lahat ng miyembro ng komunidad at maihatid rin sa kanila ang tugon ng bawat sektor.

Paliwanag ni Favis, hindi makagagalaw ang kanilang koalisyon kung walang masinsinang pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan sa Office of Administrative Services (OAS), University Physical Plant at mga Administrative Offices ng Ateneo Grade School at High School.

Sumasangguni rin ang koalisyon sa mga guro mula sa iba't ibang kagawaran sa LS at mga eksperto sa labas ng Pamantasan. Aniya, "Hindi tayo nagkukulang sa payo at gabay kasi maraming pagkukunan ng tulong sa parehong labas at loob ng paaralan. Hindi kailangang lumapit mismo sa opisina ng DENR upang tanungin kung ano ang dapat nating gawin."

> "Umaasa ako na mayroong naisusulong na pagbabago sa pamamaraan ng pamumuhay ang mga proyektong ito kasi ang mga ito ay pagkakataon na ibinibigay namin sa lahat ng miyembro ng komunidad para mas maging matalino."
> – Favis

Tumutugon sa suliranin

Naniniwala si Favis na patuloy na naipatutupad ang kanilang mga proyekto sa maayos na pamamaraan.

Sabi pa niya, natutugunan ng kanilang mga proyekto ang mga itinakdang layunin at pamantayan para sa isang partikular na panahon. Nilinaw naman niyang hindi pinal ang mga layuning itinatakda para sa bawat proyekto at maari itong baguhin at higit na pagbutihin habang isinasagawa ang mga proyekto.

Iniuuri ni Favis ang panukat na kanilang pinagbabatayan ng tagumpay ng isang proyekto sa dalawang klase: quantitative at qualitative. Paliwanag niya, higit na madaling makita ang pagbabago sa mga metrics na quantitative sapagkat mayroon silang paunang pag-aaral na paghahanguan nila ng baseline data at ihahambing sa mga panibagong impormasyong kanilang makakalap. Ang dami, bigat at bulto ng basura sa LS sa isang partikular na panahon ay isang halimbawa ng quantitavtive metrics na kanilang ginagamit.

Sa isang banda, higit na mahirap umanong tukuyin ang mga qualitative metrics sapagkat hindi madaling mahango ang mga impormasyong ito. Gumagamit ito ng impormasyong suhetibo at pabago-bago gaya ng kuro-kuro, asal at kilos ng tao.

Bagaman may ilang sarbey na isinasagawa ang ilang pangkat gaya ng Ateneo Statistics Circle o A-stat upang maisa-numero ang metrics na ito, hindi nito nahuhuli ang totoong pulso ng mga tao kung kaya't umaasa sina Favis sa pag-asang ginagawa at nadadala ng mga miyembro ng komunidad sa LS ang pagdidisiplinang itinuturo ng mga proyekto nila.

Aniya, "Umaasa ako na mayroong naisusulong na pagbabago sa pamamaraan ng pamumuhay ang mga proyektong ito kasi ang mga ito ay pagkakataon na ibinibigay namin sa lahat ng miyembro ng komunidad para mas maging matalino. Sa palagay ko, ito ay higit sa pagkakaroon ng pamumuhay na may pagpapahalaga sa kalikasan, ito ay pagsasagawa ng mga bagay-bagay sa tamang paraan."

Epektibo nga ba?

Hindi mapasusubaliang ginagawa ng AEMC ang kanilang makakaya upang maiparating sa komunidad ng LS ang





kanilang kampanya. Tunguhin mo lamang ang cafeteria makikita na ang nagkalat na paskil sa mga pader, poste at maging sa mesa na nagsasabi kung paano gawin ang BYOB at CLAYGO.

Wala ring patid ang takbo ng infomercial ng AEMC sa telebisyon samantalang matatagpuan sa halos bawat sulok ng mga gusali ang nakahanay na basurahan para sa nabubulok, hindi nabubulok, at iba pang pagkaka-uri nito. Ngunit nakasasapat na nga bang indikasyon ito sa tagumpay ng mga proyekto ng AEMC?

Ani Vin*, isang mag-aaral sa Ateneo, "Oo, visible naman [ang AEMC], pero parang hindi naman niya nakukuha ang simpatya ng marami."

Dagdag ni Vin, hindi naman niya sinasabing nagkukulang ang AEMC sa mga hakbang nito ngunit aminado siyang siya mismo at kaniyang mga kaibigan ay nakalilimot umayon sa mga proyektong ito. Ginawa niyang halimbawa ang hindi pa rin pagsunod ng ilang mga Atenista sa CLAYGO.

"Bagaman nagkalat na ang mga poster sa caf, may mga matitigas pa rin ang ulo (at mukha) na iniwan ang kanilang pinagkainan sa mesa. Palibhasa'y alam nilang umiikot ang mga tagapaglinisa para sinupin 'yon," aniya.


Aminado si Vin na pagkukulang na iyon ng mga Atenista, ngunit paliwanag niya, kung bahagi ng kampanya ng AEMC na himukin ang mga Atenistang ito, tila hindi ito maaaring gawing halimbawa ng AEMC upang sabihing matagumpay sila sa kanilang kampanya.

Limitado naman sa CLAYGO at BYOB ang alam ni Vilma*, ukol sa mga proyekto ng AEMC. Ayon pa sa kaniya, nagagawa niya ang CLAYGO habang kumakain siya sa cafeteria, ngunit hanggang doon na lamang ang pakikisangkot na kaniyang nagagawa upang isulong ang pangangalaga sa kalikasan. Aminado siya, maging sa nakikita niya sa kaniyang mga kaibigan, na hindi nila gaanong napaninindigan ang pagiging tama sa pagtatapon ng basura.

"Nakakalito rin kasi minsan 'yung mga basurahan, lalo na 'yung dapat na laman ng Other Waste na bin. Hindi naman kasi lahat natitigilan para i-classify muna 'yung basurang itatapon nila," pakli ni Vilma.

Nawa'y magsilbi itong senyales na panahon na upang matauhan sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan

Resulta ng Sarbey ng A-stat ukol sa Pakikiisa/Pagsunod ng mga Atenista sa E-Bee Campaign ng AEMC




Problemang pangkalikasan lamang ba?

Tila hindi natatapos sa suliraning pangkalikasan at pangkapaligiran lamang ang mga dapat tugunan ng AEMC. Naririyan, muli, ang problema kung paano hihimukin ang mga Atenista na makibahagi sa kampanya ng AEMC. Matapos ang nangyaring trahedya tulad ng Ondoy wala pang isang taon ang nakalilipas, nawa'y magsilbi itong senyales na panahon na upang matauhan sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan.

Sa ganang ito, aminado si Favis na hindi ito madaliang proseso, "Hindi ito mangyayari ng isang gabi. Bagaman maraming naririnig na negatibong komento tungkol dito, marami rin namang lumalapit sa'min para magpasalamat na nabigyan sila ng ganitong pagkakataon para magkaroon ng ganitong klaseng responsableng pamumuhay sa Paaralan." M

**hindi tunay na pangalan*





Paring Bert

Pagkilala kay Padre Albert Alejo, S.J. at sa kanyang mga adbokasiya

ni Hermund Rosales
kuha at lapat ni Jake Dolosa

PARING BERT ANG KANIYANG ipinalayaw sa sarili. Magkasama na umano roon ang kaniyang pagiging Pare at pagiging Pari.

Tubong Bulacan, mula sa maykayang pamilya, lumaki si Albert sa tahanang ang amang si Severino Manuel Alejo ay nakasanayan ang pagbabasa ng pahayagan at ang pagbibigay ng puna sa mga nababasa. Nasusumpungan din naman ang pagbabasa ng Inang si Cinderella Yamomo Eduave at nakahiligan nito ang tumulong sa mahihirap. Mula rito, ang mga nakikita at napapansin sa mga magulang, ay siya ring naging pagkauhaw ng panganay na si Bert habang siya'y lumalaki, kasama pa ang dalawang kapatid na sina Alfred at Alma.

Edukasyon

Nag-aral siya sa Mababang Paaralan ng Katanghalan sa Bulacan at nagtapos naman ng sekondarya sa eskuwelahang parokyal ng San Pascual. Doon niya natagpuan ang sarili na uhaw sa kaalaman. Ipinagpapasalamat niya sa kaniyang mga naging guro ang larang na kaniyang ninais na itaguyod. Aniya, "Malaking impluwensya sila sa 'kin. Kasi binuksan nila sa'kin 'yung larawan ng sining literatura at larangan ng siyensya. Mula rito, nakita niya ang sarili bilang mang-iisip sa katauhan ng isang siyentista.

Gayumpaman, sa pagkahilig sa pagbabasa, kaniyang nadaanan ang tungkol sa pangkat ng mga Heswita na kaniyang hinangaan. Nagpasigasig pa ang samahang ito sa kaniyang kagustuhang magpari na kaniyang napagtanto noong nasa ikaapat na taon pa lang sa mataas na paaralan. Sa katunayan, kung hindi sana siya nahuli sa pagpapatala para sa susunod na pasukan noon sa San Carlos Seminary sa Guadalupe, ito na kaagad ang kaniyang naitaguyod na larang.

Kaya naman pinayuhan siya ng kanilang Kura Paroko na ipagpaliban na muna ang pagpasok sa seminaryo. Dahil sa hilig na rin sa agham, kaniyang kinuha ang kursong Biochemistry sa Unibersidad ng Sto. Tomas (UST). Nahilig siya sa mga gawaing pang-laboratory at lalo pang nalublob ang sarili sa pagbabasa ukol sa mga buhay ng mga kilalang siyentista. Sa kabila nito, hindi pa rin nawala ang kaniyang pagkaganyak sa pagpapari.


Hanggang sa komprontahin niya ang mga magulang ukol dito. Nababatid na niyang ayaw ng kaniyang ama ang kaniyang balakin. Wika pa nga nito, "Sa lahat ng kalokohan na ginagawa ng mga lalaki, ang pagpapari ang pinakamalaki." Sa kanilang pag-uusap, namayani ang kagustuhan ng amang huwag niya iyong ituloy, sa takot na rin niyang baka mapaano pa ang kalusugan nito. Aniya, "Sinabi ko [sa tatay ko] na hindi ako magpapari, pero sa loob-loob ko, hindi *muna*."

Unang hakbang niya upang mapaghandaan ang pagpapari ang pagpapalit ng kurso. Kinuha niya at tinapos ang Pilosopiya sa nasabing unibersidad. Matapos nito, doon na niya kinuha ang bokasyon ng pagiging Heswita sa Pamantasang Ateneo de Manila. Sa kaniyang pagsasanay bilang Heswita, nakasalamuha niya ang pangkat ng mga Lumad sa Mindanao. Sa kaniyang pagkababad sa kultura ng nasabing mga katutubo, nananahan na rin sa kaniya ang interes sa Antropolohiya. Sa Unibersidad ng London niya tinapos ang doktorado sa nasabing larang.

Mga Gampanin: Noon at Ngayon

Naranasan din ni Alejo na maging isang politiko. Naging konsehal siya ng Kabataang Barangay at naging Pangulo nito kaya naman naging konsehal siya sa munisipyo ng Obando, Bulacan. Apat na taon siyang nanungkulan sa nasabing posisyon. Aniya, "Isang malinaw na uri ng opsiyon ang magpolitiko. Kasi sa tingin ko isang pamamaraan 'yan ng paglilingkod sa nakararami... Para sa akin, kung hindi ako Pari, isa akong politiko."

Bilang Heswita, nagawa niyang magturo sa Pamantasang Ateneo de Davao at naging rektor dito. Maliban dito, Tagapangulo siya ng Mindanawon Initiatives for Cultural Dialogue (MICD) na naglalayong magkaroon ng pag-uunawaan sa pagitan ng pagkakaiba-iba ng mga naninirahan sa Mindanao. Mula rito, nabuo rin nila ang Coalition of Mindanao Indigenous People's Peace Advocates.





Samahan ito ng mga pinunong Lumad na hinaharap ang usapin nila sa kapayapaan. Ani Alejo, hinaharap nila rito ang ginagawang pagpatay sa mga katutubo. "Sino'ng pumapatay? NPA, military, saka mga guwardiya ng mga minahan."

Pinangungunahan din ni Paring Bert ang Ehem! Anti-corruption Movement na itinatag noong 2004. Itinatag ito ng mga Heswita upang talakayin ang kultura ng korapsiyon sa bansa at sa pang-aabuso na nagagawa nito sa mga tao. Ito umano ang pang-aabuso ng pagtitiwalang publiko (public trust) para sa pansariling kapakanan.

Ipinaliwanag ni Alejo na nagsimula ang Ehem! sa konsepto ng pagkilala sa iba't ibang uri ng daya. Sa kaniyang sanaysay na pinamagatang "Daya at Laya", inihain niya ang katanungang, "Bakit hindi na lang natin pag-usapan ang inculturation, o mission, o Trinity? Bakit daya? Dahil dito tayo magsasabuhay ng ating pananampalataya."

Giit niya, kinakailangan ang pagbatid sa konsepto ng daya sapagkat ito ang naglalayo sa atin sa totoo. At nagsisimula ito sa pagkabata pa lamang. Aniya, "Wala pang katekismo pero alam na ng bata kung ano ang daya. Kapag umano naglalaro sila at nilabag ng isa ang kasunduan sa larong iyon, sasabihin ng iba "madaya ka!" Kaya naman kung hindi aniya masosolusyunan ito, titingkad lamang at lalong mahuhubog ang konseptong ito sa mga tao upang hindi igalang ang nararapat.

Napipintong mag-opisina ang tanggapan ng Ehem! sa Pamantasang Ateneo sa ilalim ng School of Government (ASG).

Bukod sa mga nabanggit na, itinatag din ni Alejo ang Amuma Cancer Support Group na tumutulong sa mga taong may kanser. Naiugnay niya ang nasabing adbokasiya sa sakit ng bayan. Aniya, "Kasi ang korupsiyon daw ay isang kanser. E ngayon kung kanser s'ya, ano ibig ibig sabihin nun? Wala nang pag–asa? Mali. Sapagkat galing sa mga may kanser, nakakakuha tayo ng pag-asa. Sabi nila, 'Father, we may lose hair, but we do not lose hope.'"

Si Paring Bert pa

Maliban sa pagpapari, isa ring kilalang mang-aawit, makata at manunulat si Alejo. Akda niya ang mga librong "Tao po, Tuloy po Kayo", at "Sanayan lang ang Pagpatay."

Kaakibat ng kaniyang pagsusulat ang hilig rin niya sa pagsasalin ng mga akda ng dayuhang manunulat. Aniya, nananahan din sa pagsasalin ang kaniyang adbokasiya, "gaya iyan ng pagpapari." Sa pagsasalin, "may kinokopya ka mula sa orihinal. Kinikilala mo ang kakanyahan ng may-akda ng iyong isinasalin." Gayumpaman, sa pagaming iyon umano, naroon din ang apirmasyon mo sa iyong sariling kakanyahan." Paliwanag niya, kailangang makatayo sa sarili ang isinaling akda. Kaya naman kinakailangan ding may kaalaman at pang-unawa ang ang tagasalin upang mabigyang hustisya ang orihinal. "Ganiyan din sa pagpapari. Kinokopya ko lamang ang pagtuturo ng Panginoon."

Patuloy na Pakikibaka

Aniya, sa nakaraang eleksiyon, malasado ang naging resulta. "Nakapagtalaga tayo ng mabubuti, subalit marami pa rin ang masamang ehemplo ng pamumuno." Susog niya, bilang mga binigyan ng kapangyarihan ng konstitusyon, ang mamamayan ay kailangang patuloy na maging responsable. "Huwag [tayong] magpadaya o mandaya. Sapagkat nananahan din sa pagkamamamayan ang tiwalang pampubliko. Ipakita nating hindi tayo masasamang tao at masamang lahi... Kaya pa nating baguhin itong bansa natin. Magtiwala lang tayo sa kakayahan natin at sa biyaya ng Diyos. Kaya natin ito."

At bilang payong kaibigan ni Paring Bert, nawika niyang, "Ang mamuhay nang malaya, ay ang mamuhay nang walang daya. At kinikilabutan ako sa pagsasabi nito." M

"Kaya pa nating baguhin itong bansa natin. Magtiwala lang tayo sa kakayahan natin at sa biyaya ng Diyos. Kaya natin ito."

Ito ang unang pagkakataon ko na bumoto. Nagsimula kami sa pila sa Meriam ng 630 ng umaga, natapos ng 930… Ang haba ng pila, mainit, maraming tao. Naisip ko tuloy na ang pangit talaga ng sistema ng pagboto sa Filipinas.

Philipp Gotico, 4 BS Ch-MSE

Pumunta kami sa presinto [sa Paso de Blas Valenzuela] ng mga 9 at natapos kami mga 2:30 na. Nagkakasiraan pa 'yung mga PCOS machine… na kailangan na nilang buksan. Magulo sa amin dahil … walang sign kung anong mga linya 'yung nandun, kaya 'yung mga tao nagkakagulo kung saan dapat sila pumila.

Arrha De Leon BS LM 2010

Maayos naman 'yung naging eleksiyon kasi maluwag sa Rizal High. Isang kakaibang karanasan lang. 'Yung bago sa akin na boboto ang nakalagay na bitrthdate niya Jan. 1, 1900. [Buti na lang] may voter's ID naman 'yung kuya.

Francis Marasigan, 4 BS Mgt

Hindi ako umabot sa [voter] registration. Palpak yung Comelec nung pumunta sa barangay namin. May mga nagregister ng 9 ng umaga tapos nung lumabas mag-a-alas-singko na ng hapon. Nung pumunta naman ako sa City hall, sobrang dami ng tao… hindi na rin ako natuloy.

Paulo Parrenas, 4 BS ECE

MAYO A-DIYES

kinalap ni Victoria Camille Tulad
lapat ni Rico Esteban

Hindi ako bumoto kasi hindi ako naka-register; binaha kasi yung City Hall nung Ondoy. Pero gustong gusto ko talagang bumoto. Nung nag-set sila ng ibang dates para sa registration nasa Pampanga ako, umiinom.

Graduate, AB Com 2010

Naging maayos naman ang eleksyon sa amin. Isa't kalahating oras ako bumoto sa Marikina Heights.

Lord Alec Pasion, Teaching Asst Kagawaran ng Kimika

Maayos naman ang pila at sistema, pero may mga sumisilip sa bintana ng classroom kung sino binoboto mo. Masaya at makasaysayan ang pakiramdam nang nakaboto ako at ang aking pamilya… Saludo ako sa mga guro at mga volunteers!

Jade Gabor, AB Lit-Eng 2010

Pumila [ako] ng limang oras [at] bumoto ng dalawang minuto. Malala ang labasan ng pera at bilihan ng boto sa amin. May magkalaban na dalawang libo each yung binigay.

Jemika Kathryn Soledad 4 AB Pos

Ang Halalan ng 2010 at ang Hamon ng Kilusang Kaliwa sa Pilipinas: Ilang Mga Tala

ni Aaron Rom Moralina
lapat ni Dylan Valerio

Sa isang perpektong mundo, maluwag na tatanggapin ang resulta ng nakaraang *automated elections*. Subalit malayo ito sa realidad na sumasaklaw sa higit kumulang na 51M botanteng Pilipino. Hanggang sa kasalukuyang *congressional canvassing*, inuulan pa rin ng batikos ang naganap noong Mayo: may mga ulat ng iba't ibang iregularidad tulad ng paglaganap ng mga *pre-programmed* o sirang CF cards, na siyang nagpabagal ng pagboto at *transmission* ng resulta; ang kontrobersiya ukol sa *authenticity* ng mga balota; ang malaking bilang ng mga *disenfranchised voters* (na umaabot ng 5M ayon sa mga ulat); at ang mga PCOS machines na hindi gumagana nang wasto.

Gayunpaman, tila inaasahan na ng madla ang proklamasyon ni Noynoy Aquino bilang susunod na pangulo ng bansa. Kapag maproklama, bitbit ni Aquino ang malaking mandatong dulot ng 14M na botong kanyang nakuha. Pasan rin ng kanyang magiging administrasyon ang malaking hamong pakatotohanan ang kampanya niyang uminog sa kontra-katiwalian, gayun din ang maging tapat sa legasiya ng kanyang mga magulang na sina Ninoy at Cory Aquino. Pangunahin ring magiging hamon ng bagong administrasyon ang pagtugon nito sa dating administrasyon ni Gloria Macapagal-Arroyo, na nagawa pang mahalal bilang kasapi ng mababang kapulungan. Hindi maikakailang malaking bahagi ng tagumpay ni Aquino ang nakaugnay sa dismaya ng publiko sa rehimen ni Arroyo. Samakatuwid, mahigpit na babantayan ng publiko kung paano tutugunan ni Aquino ang mga kaso ng katiwalian na naihain kay Arroyo.

Bagaman malaki ang impluwensiya ng sentimiyentong anti-Arroyo sa naging resulta ng halalan noong Mayo at sa pagkakapanalo ni Aquino, makikinitang mga tradisyunal na pulitiko pa rin ang nakinabang sa pangkalahatan. Sa kabila ng pagtitiyak ng mga grupong kaliwa sa kanilang presensya sa mababang kapulungan, karamihan pa rin ng mga kinatawan ay nagmula sa mga pulitikal na pamilya na ang kapangyarihan ay nakabatay sa *electoral bailiwicks* nila sa kani-kanilang lokalidad. Kahit ang halalang party-list—ang naging pangunahing instrumental sa pagpasok ng kaliwa sa halalan—ay napanghimasukan na rin. Sa halalan para sa pagkasenador, karamihan sa mga nahalal ay mga lumang pangalan pa rin.

Nagiisa lamang ang *non-trapo* na muntikan nang maging bahagi ng *magic 12*—si Risa Hontiveros ng Akbayan. Bilang kandidatong nakakuha ng ika-13 na pinakamataas na bilang ng boto, may posibilidad pang mapunan ni Hontiveros ang puwestong maiiwan ni Noynoy Aquino (ngunit mahaba at masalimuot ang prosesong ligal na kailangang tahakin upang ito ay mangyari). Positibo ang pagtanaw ng ilang komentarista sa pagkakalapag ni Hontiveros sa ika-13 na pagkasenador. Magandang indikasyon raw ito para sa elektoral na partisipasyon ng kaliwa dahil pinahiwatig nitong hindi imposibleng magwagi bilang senador ang isang nagmula sa hanay ng nasabing kilusan[1].

Ngunit sa kabila nito, maitutuiring na maliit na tagumpay lamang ito para sa kabuuang kilusang kaliwa. Kung tutuusin, daan-daang pamilyang pulitikal pa rin ang nakinabang sa halalan noong Mayo. Tunay nga naman at malalim pa rin ang impluwensya ng mga tradisyunal na pulitiko sa mga botante, at pangunahing katangian pa rin ng ating pulitika ang sistemang padrino. Mababakas pa rin ang mababang kamulatan ng lipunan patungkol sa pulitika.

Tila mulat rin naman ang kaliwa na marami pa itong kakaining bigas upang palawigin ang presensya sa larangang elektoral. Bagaman maaalala ang halalan ng Mayo 2010 dahil sa pakikilahok ng kaliwa sa halalan sa pagkasenador [2], maaalala rin ang halalang ito dahil sa samu't saring mga alyansang nabuo sa pagitan ng mga grupong kaliwa at ng mga tradisyunal na pulitiko: ang mga blokeng Reaffirmist (RA) at si Manny Villar at ang Partido Nacionalista; ang Akbayan at ang ibang kabilang sa mga Rejectionists (RJ) at Noynoy Aquino at Partido Liberal; at ang grupo ni JV Bautista at Joseph Estrada at Partido ng Masang Pilipino. Pragmatiko ang turing sa pakikipagalyansa sa mga pulitikong ito dahil mulat ang kaliwa na hindi nila kayang magpanalo sa mataas na kapulungan sa pamamagitan ng kanilang mahinang makinarya. Bagaman malaki ang benepisyong elektoral dulot ng ganitong pakikipagalyansa (pangunahin na dito ang pondong pangkampanya), nangahulugang naging limitado ang espasyo para itulak ng kaliwa ang kanilang



buong progresibong plataporma. Tila sumapi pa nga ang kaliwa sa pangangampanyang maka-*trapo*: mula sa kaduda-dudang pangangatwiran para sa kanilang mga alyansa, paglaganap ng *black propaganda*, *mud-slinging*, hanggang sa walang-lalim na pangangampanya (i.e., paggamit ng *showbiz endorsers*), at marami pang iba. Dahil sa pangangailangang magpalakas sa larangang elektoral, ang kampanya ng kaliwa ay naka-angkla sa pragmatismo na siyang naging dahilan kung bakit nagtila malamya ang pagtutulak ng progresibong adyenda.

Kung pondo man ang naging dahilan ng pagsapi sa larangang elektoral, ibang-iba ang katangian ng pagsapi ng kaliwa sa halalan nitong Mayo. Likas na instrumental ang pagtingin ng kaliwa sa gawaing elektoral, dahil mababakas din naman sa kasaysayan na hindi akma ang halalan sa rebolusyonaryong hangarin ng kumbensyunal na kaliwa. Ayon nga sa isang tanyag na komentarista, inilalayo ng elektoralismo ang masa mula sa mga direktang pagkilos [3]—may kakaibang halaga na ibinibigay sa akto ng pagboto, sa punto na kinokondisyon ang elektorado na matatagpuan lamang ng isang indibidwal ang kanyang halagang panlipunan sa akto ng pagboto. Iba ito sa kolektibong pagkatuto na matatagpuan sa mga kilos protesta at demonstrasyon. Liban pa ito sa dahilang nananatili ang elektoral na larangan bilang isang paraan upang makakuha ng mandato ang mga tradisyunal na pulitiko na siyang pangunahing tagapagtaguyod ng *status quo*. Kung gayon, hindi nakakapagtakang mababaw lamang ang layunin ng kumbensyunal na kaliwa sa pakikibahagi nito sa mga halalan ng mga nakaraang dekada. Instrumental ang pagtingin sa halalan: walang kagustuhang laliman ang pagsapi sa halalan, ang kampanya ay paraan lamang na ihayag ang pagiging atrasado ng sistemang elektoral sa kabuuan, dahil ang natatanging lehitimong larangan ng pakikibaka ay ang rebolusyonaryong pagkilos.

Dahil sa pangangailangang magpalakas sa larangang elektoral, ang kampanya ng kaliwa ay naka-angkla sa pragmatismo na siyang naging dahilan kung bakit nagtila malamya ang pagtutulak ng progresibong adyenda.

Masisilayang nagbago na rin ang panahon. Sa kabila ng katotohanang may iilan pa rin mula sa kaliwa na instrumental pa rin ang pagturing sa halalan, tumaas na sa kabuuan ang nibel ng kanilang pakikibahagi sa larangang elektoral. Tulad ng nasaksihan, ang pagpapatakbo ng mga kandidato sa pagkasenador, ang pakikipag-alyansa sa mga tradisyunal na partido pulitikal, at ang pagpapalawig ng presensya sa halalang party-list at mga lokalidad, ay nangangahulugang higit na mapanglahok na ang kaliwa sa halalan. Mulat na ang kaliwa na upang manatili ito bilang pangunahing pwersang pulitikal sa bansa, wala itong magagawa kung hindi ang paigtingin ang presensya nito sa gawaing elektoral.

Gayunpaman, malaki pa rin ang hamon sa kaliwa na tugunan ang maraming isyu ukol sa kanilang pakikibahagi sa halalan. Dulot din ng naganap na halalan nitong Mayo, malaki ang gagawing pagtatasa ng kaliwa sa kanilang naging papel. Partikular na ang pangangailangan tugunan ang matagal nang pagtingin sa halalan bilang instrumento lamang; ang paghahanap sa solusyon sa matagal nang isyu kung nais pa rin nilang isaalang-alang ang halalan bilang isang ilehitimong larangan ng pakikibaka, o laliman ang kanilang pagkilala sa halalan sa kabila ng mga kakulangan nito bilang prosesong demokratiko. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa naging papel nito sa halalan ng 2010, magagawa ng kaliwa na epektibo pang mapag-aralan ang salimuot ng pakikipag-alyansa, hulmahin ang pamamaraan nito upang makibahagi sa mga susunod pang halalan, habang paigtingin ang halaga nito sa lipunang Pilipino.


Si Aaron Rom Moralina ay dating naging kasapi at patnugot ng Matanglawin. Kasalukuyan siyang guro at gradwadong mag-aaral sa Kagawaran ng Kasaysayan.

[1] Maaring mabasa ito, halimbawa, sa Sonny Melencio, Philippines: The May 10 elections and the left, *Links International Journal of Socialist Renewal.* Online, http://links.org.au/node/1695, at Miriam Coronel Ferrer, How the Left fared, ABSCBN News Online, http://www.abs-cbnnews.com/insights/05/20/10/how-left-fared-miriam-coronel-ferrer.

[2] Bagaman, hindi ito ang unang pagkakataong nakilahok ang kaliwa sa halalan sa pagkasenador. Noong 1987, nakilahok ang lihim na kilusang kaliwa sa pamamagitan ng Partido ng Bayan, na nagpatakbo ng kandidato sa pagkasenador at pagkakongresista.

[3] Pahayag ni Benedict Anderson, Elections in Southeast Asia, *Spectre of Comparisons: Nationalism, Southeast Asia, and the World*:

"But normal voting is in many ways a peculiar activity. On a particular day, determined either by law or by government decision, between hours regulated by the same, at places settled on usually local authorities, one joins a queue of people whom one does not typically know, to have a turn to enter a solitary space, where one pulls levers or marks pieces of paper, and then leaves the site with the same calm discretion with which one enters it—without questions being asked. It is almost the only political act imaginable in perfect solitude, and it is completely symbolic: it is thus almost the polar opposite of all other forms of personal political participation. In so far as it has general meaning, it acquires this meaning only by mathematical aggregation. From this perspective, one can readily conclude that, under normal circumstances, the logic of electoralism is in the direction of domestication: distancing, punctuating, and isolating. If one asks in whose interests this domestication occurs, one comes immediately to the question of 'representation.'" (pp. 266-7)



Binukot Ka (rin), ngunit Kulang


ni Hermund Rosales
lapat ni Eldridge Tan

Nang pagsulatin kami ng isang pagmumuni-muni hinggil sa mga nabasang prekolonyal na panitikan sa Filipinas, nahugot ko sa alaala ang pagkakataong napanood ko ang isang dokumentaryo ng I-Witness kung saan binibigyang-kaalaman ang mga manonood ukol sa tradisyon ng isang pangkat-etniko: ang mga Tumandok sa kabundukan ng Tapaz sa Capiz, Panay. Doon ko lamang nalaman na may mga *binukot*, mga babaeng walang ibang tungkulin sa buhay maliban sa pag-aralan, isaulo at awitin ang kanilang mga tradisyonal na sayaw at epiko. Ipinakilala ni Kara David, ang tagaulat sa nasabing dokumentaryo, si Lola Isiang, 73 taong gulang, bilang isa sa mga binukot. Sa pagkakapili sa kaniya bilang binukot, idinudulot na ang lahat ng kaniyang mga pangangailangan. Hinahandugan siya ng pinakamasasarap na pagkain, pinaliliguan, inaayusan— buhay na maituturing na tulad nang sa prinsesa. Umaayon ang huli sa pamagat ng nasabing dokumentaryo, "Ang Huling Prinsesa". *Huli* sapagkat isa si Lola Isiang sa pito na lamang na natitirang binukot sa Panay.

Sa unang pagsipat sa buhay ni Aling Isiang, tunay nga namang maalwan ng kaniyang kalagayan. Subalit nagulantang ako nang dumating sa bahaging isiniwalat na ang iba pang kahingian sa pagiging binukot. Limang taon pa lamang nang mapiling maging binukot, inihiwalay na siya sa pangkat, nasa isang silid lamang siya, idinuduyan nang hindi lumalapat ang mga paa sa lupa. Kailanman hindi siya pinahintulutang makapaglaro at makapasok sa eskuwela, ni hindi rin nakalalabas ng silid. Natatakpan ang kaniyang mukha ng belo upang walang sinuman ang makakita nito. Sa tanang buhay niya at sa nalalabi pang panahon ng kaniyang buhay, wala siyang ibang kailangang tupdin kundi ang nabanggit na gampanin at maipasa iyon sa susunod na henerasyon. Dito na sumapol sa akin (at marahil sa iba ring manonood) ang sumusunod na katanungang "Bakit ganoon na lamang ang pagpapahalaga ng mga Tumandok sa mga sayaw at epiko?" "Paano nga ba ito uunawain sa kasalukuyan, na sinasabing nasa moderno nang kapanahunan?"

Nasusugan ang aking unang reaksiyon nang kapanayamin ni David si Emily, na napiling maging isang binukot subalit tumanggi sa nasabing oportunidad. Tinalakay rin ng dokumentaryo ang isang alternatibo ng mga katutubo sa kabundukan ng Garangan, Iloilo sa pagpapanatili sa panitikang pabigkas nang hindi kinakailangang maging binukot— ang pagpapatayo na lamang ng mga paaralan upang maituro ang mga panitikang etniko sa mga bata.

Sa mga katanungan kong iyon, maituturing kong mangmang at maihahambing ang sarili sa maraming taong hindi nakauunawa sa tradisyon ng mga katutubong gaya ng mga Tumandok. Sapagkat hagip iyon sa mga katanungang inihain sa ipinagawang papel na ito, ngayon ko lamang maitatambis ang kanilang pamumuhay sa mga binasang akda ukol sa mga panitikang prekolonyal. Sa mga akdang iyon naipakilala ang halaga ng mga panitikang etniko gaya ng mito, alamat, kuwentong-bayan, epiko, at bugtong. Sa pamamagitan ng mga ito, nababatid ang uri ng pamumuhay ng mga katutubo sa prekolonyal na panahon— panahong kakaunti pa lamang ang nalalaman at



napag-aaralan bunsod ng kalawakan ng larang na ito. Sa akda ni Florentino Hornedo na, "The Persona In the Philippine Folk Literature" kung saan tinalakay niya ang pagkakaiba ng mito sa alamat at sa kuwentong-bayan (na kadalasang naghahalinhinan ang depinisyon), ipinakita kung paanong sa mito tinatalakay ang mga gawain ng mga Diyos, kaiba sa gawain ng mga bayani na ipinababatid naman sa mga alamat at sa gawain ng mga karaniwang mamamayan sa kuwentong-bayan. Sa mga tinutukoy na persona sa mga panitikang ito (sa pagiging pormal at sa di-pagkapormal, halimbawa), nabibigyan ng ideya ang mambabasa sa kung ano ang kinabibilangang uri ng mga tagapagtaguyod nito: mga elite o iyong nabibilang sa nakaririwasang pamumuhay para sa mito at alamat, samantalang para naman sa nakabababang nibel ng pamumuhay ang sa kuwentong-bayan. Kaugnay ng akda ni Hornedo, pinagtibay ni E. Arsenio Manuel sa akdang "Literature In Ethnic Oral Traditions" ang pag-iral ng estratipikasyon sa lipunan o kawalan nito.

Mahihinuha rin sa mga panitikang etniko na may uri na ng pamumuhay ang mga katutubo bago pa man dumating ang mga mananakop. Sumasagka ito sa ipinagmamalaki ng huli na wala silang dinatnang sibilisasyon sa ating lupain, at sila ang naging tagapaghatid nito.

Sa introduksiyon naman ng akdang "The Myth", tinalakay ang kahalagahan ng mito sa pagpapakilala sa mga paniniwala, gawi, tradisyon at kultura ng mga katutubo. Sapagkat binibigyan ng pakahulugan dito ang mito bilang sagradong naratibo na nagpapaliwanag kung paano humantong ang mundo at tao sa kasalukuyang porma, naiuugnay ito sa teolohiya at ritwal ng mga katutubo. Naipapahayag sa naturang panitikan ang doktrina ng mga pangkat-etniko bago ang pananakop, maging ang kanilang pagkilos at pakikipagkapuwa-tao. Mahuhugot din mula sa naturang panitikang pabigkas ang kakayahang mabatid ang paraan ng pag-iisip ng mga katutubo mula sa kanilang mga pagpapaliwanag sa mga pangyayari sa kapaligiran, sa pag-iral ng mga nakikita nila sa pang-araw-araw na pamumuhay gaya ng buwan, araw, at mga anyong-tubig.

Sa huli, sa paanong paraan nga ba mauunawaan ang pangangailangan sa pagbibigay-halaga sa mga panitikang pabigkas? Babalik ako sa naisalaysay na buhay ng mga binukot. Isang paraan ang pagtatayo ng paaralan upang mapanatili at maunawaan ang mga tradisyonal na sayaw at epiko. Subalit higit pa ring mainam kung may pagsasabuhay nito. Sa kasanayan ng pagpapatuloy sa pagtatalaga ng mga binukot (na mabuti kung hindi puwersahan), naroroon ang pagkakataong aktuwal na makabalik at/o magisnan ang dating panahon nang hindi lamang sa pamamagitan ng imahinasyon. Malay man tayo o hindi, naisasabuhay pa rin natin ang mga pagpapahalagang etniko hanggang ngayon kahit pa walang tuwirang karanasan dito. Naroon kasi ang katotohanang bahagi ng ating pagkatao ang pagkabinukot. Sapagkat kung ano man ang uri ng ating lipunan at pamumuhay sa kasalukuyan, lagi't laging nakalangkap doon ang ating nakalipas. Nangagkukulang lamang tayo sa pagtanggap dito, sa pag-unawa, at paglinang.

Kalawakan

Angeli B. Wei
BS Legal Management
Ikalawang Gantimpala
Hulagway

Mga Hay(na)ku*

Malayo.
Tagong mundo.
Yakap ang langit.

Malinis.
Hindi ginagahasa.
Alaga ng ina.

Mapayapa.
Simpleng tao.
Gulong ng buhay.

Nais;
Lumawak pa.
Buklat ng aklat.

Ngunit,
Hindi mapunan.
Inulan ng kahirapan.

Isipan,
Mundong nakakulong,
Buksan ang pinto.

Pumasok.
Dalang gamit —
Inihandog ng Diyos.
Larawan.
Kulayan natin.
Tabi-tabi tayo.

Pangarap.
Nais makamit.
Makikita ang kalawakan.

* Ang Hay(na)ku ay isang makabagong uri ng tula na ginawa ni Eileen Tabios noong 2003.


Arkero

Joseph Go-Oco

Nakapihit ang pisi ng búsog.
Pasan ng palaso ang pag-aabang.

Maláon nang nakabinbin ang amba.

Nakukutuban ang pangamba
sa pagpintig ng pulso.
Napabitiw.
Kagyat ang pagpikit.
Waring may kaharap.



Sa ilalim ng hininga

JC Casimiro

Nabalot ang guro ng makapal na telon
Ng ulap. Muling namangha ang mga alagad

Sa huling sandali. Minsan na nilang naranasan
Ang naturang hiwaga. Muling namangha

At napabigkas ang isa sa kanila,
"Guro hayaan mong magtarak ako ng tolda para sa iyo."

Nang mahawi ang ulap ng hanging
Waring tinig na minsan na nilang narinig,

Sa mga ulap, napatingala ang alagad
At napamura sa ilalim ng hininga.

Corpus Christi

JC Casimiro

Noon ko lang siya nakitang tunay na nanabik.
Waring isang bata, waring isang bata

mula sa isa sa kaniyang parabula.
Nang tumingala siya

may kung anong liwanag
sa kaniyang mukha

ang umantig sa akin.
Sa kaniyang mga mata

nagliligid ang luha, nagliligid ang luha
sa aking mga mata.

Di ko alam kung nais ko
siyang yakapin at di pakawalan,

di ko alam ang mararamdaman
kung ako'y kaniyang yakapin

sa huling sandali. Aking naunawaan
na siya ay hindi babalik.

Asawa ni Lot

Kristian Sendon Cordero

Nang bisperas bago umulan ng apoy
muli niyang nakita ang mga estranghero

na pumasok sa lungsod, may dalang ilawan:
Sila ang mga bisita ng kanyang asawa.

Mabilis pa sa kidlat ang hakbang ng mga dayo
at may naiiwang asupre sa kanilang mga yapak.

Pumasok ang mga ito sa isang silid
kasama ang kanyang dalawang dalaga.

Malakas ang hanging nagmumula sa disyerto
at nagniningas ang mga buhangin sa dilim.

Sa pakiwari niya'y minumulto siya ng mga alipato.
Matagal na siyang hindi yinayakap ng asawa.

Sa kanya magsisimula ang sigwa
na tutupok sa dalawang lungsod.

Asawa ni Noe

Kristian Sendon Cordero

Tinawag siya ng kanyang asawa sa loob.
Lihim niyang isinilid sa bulsa ang isang imahen:
Seloso ang Diyos ng kanyang kabiyak. Alam niya

na ang pagtawag ay katumbas ng pag-utos.
Kayâ dinala niya ang isang tapayan na puno
ng tubig at ibinuhos ito sa talampakan ni Noe.

Sa ganitong tagpo ibinunyag sa kanya ang magaganap
na delubyo. Muling bibinyagan ang mundo
upang mabigyang ngalan ang lahat. Isang arko

ang ipinangako na mabubuo at magliligtas
sa sinumang nanampalataya: Kailangan nilang
lumikas. Hindi siya umimik katulad ng tahimik

na pag-agos ng bukal na kaniyang natagpuan
sa bukana ng isang gulod, isang gabi. Doon niya
muling kinakausap ng palihim ang kanyang mga diyos.

Sa kanyang paglabas inilabas niya rin ang kanyang imahen.
Marahang pinatuluan ang bibig nito ng bagong igib na tubig
at saka itinago. Bago siya muling pumasok sa karatig silid.















The Ateneo Way

'Tenista Nga!



www.matanglawin.org